# Duguang Lupa

DUGUANG LUPA
Inilathala ng Kilometer 64 Poetry Collective, 2010
Ang karapatang-ari sa mga tula ay nananatili sa mga may-akda

layout ni jordan santos



Mother holding ID photo of Noel “Bogs” Decena, 25 years old.
Circulation Manager of Periodico Ini. Murdered on November 23, 2009.

# BALIK-TANAW SA LUPANG DINILIG NG DUGO

Magdadalawang buwan na mula nang maganap ang karumal-dumal na krimeng ngayo'y tinatawag na Ampatuan Massacre, na ibinunga ng kasakiman sa kapangyarihan ng iilang taong matagal nang naghahari at gusto'y sila na lang sa habang panahon ang maghari sa Maguindanao.

Sinundan ang insidente ng pagdedeklara ng state of emergency at, kasunod niyon, batas militar sa Maguindanao. Ito'y upang madakip daw nang madali ang mga Ampatuan at ang mga tagasuporta nila.

Binawi na ang proklamasyon ng batas militar ngunit nananatili ang state of emergency sa Maguindanao. Patuloy ang mga pagdakip nang walang kautusan mula sa hukuman.

Hindi natin alam kung talaga bang ang mga Ampatuan at ang mga tagasuporta nila lamang ang pinagdadadakip.

Ang alam natin ay ito: kapag hindi binantayan nang masinsinan ang mga nangyayari't mangyayari pa kaugnay ng masaker, malamang sa malamang na isang araw ay masumpungan na lamang nating nagtatatakbo sa laya ang mga utak sa likod ng karumal-dumal na krimeng ito at dinudurhan tayong lahat sa mukha.

Tandaan nating malaki ang utang na loob ng rehimeng Arroyo sa mga Ampatuan. Tandaan ang pagkatalo ni FPJ noong 2004 sa isang lalawigan kung saan marami siyang tagahanga. Tandaan ang 12-0 na panalo ng Team Unity laban sa Genuine Opposition noong 2007 sa Maguindanao.

Kailangan nga ang pagbabantay, at kaakibat ng pagbabantay ang pagsasalita kung kalian hinihingi ng mga pagkakataon. Kung hindi iimik sa mga sandal ng pinakamatinding paghamon o pagsubok sa ating mga pinaninindigan, walang saysay ang pagbabantay.

At ito'y lalong totoo para sa mga alagad ng sining, ang mga tanod ng pambansang kamalayan at panlipunang budhi.

Sa kanyang keynote speech noong Disyembre 6, 2009, sa taunang kumperensiya ng Philippine PEN, winika ng makatang si Ricardo de Ungria ang ganito:

> "The silence of art and literature in the wake of the Maguindanao massacre is crushingly telling. Our realities in this country far outstrip our wildest imaginings, forcing us to dig deeper into our personal griefs and solitudes. Which is probably not the right way to go. For where does that put, pray tell, the literature it produces that ought to confront such realities at the same time that it celebrates life? And what does it say of the artists' and writers' engagement with the realities of the time?"

Masakit mang isipin, totoo sa kalakhan ang tinuran ni De Ungria. Aakalaing ang lahat ng manunulat ay biglang naputlan ng pluma at ang lahat ng pintor ay biglang naputlan ng pinsel, at ang lahat ng mangguguhit ay biglang naputlan ng lapis.

Ngunit hindi. Narito, sa chapbook na pinamagatang Duguang Lupa, ang mga piyesa ng ilang artista't manunulat na nakatanto sa kahalagahan ng di-pananahimik sa mga ganitong panahon sa ating kasaysayan.

ALEXANDER MARTIN REMOLLINO
Pangkalahatang Kalihim
Kilometer 64 Poetry Collective

Enero 17, 2010




UNTV's Jay Sonza (left, behind podium) and Daniel Razon (right) and NPC's Benny Antiporda (center) lead tribute for Daniel Tiamzon, also of UNTV and one of the journalists slain in the Ampatuan Massacre.




Funeral cortege for slain UNTV crew member Daniel Tiamzon heads for the station's office along Edsa, Quezon City.




Relatives and colleagues grieve as slain UNTV crew member Daniel Tiamzon's remains are laid to rest.

# BREEDING IMPUNITY

by ARBEEN ACUÑA

Vlad the Impaler. Bathory. Hitler. Mussolini. Arroyo. Mass murderers. Master monarchs of their territories and time periods, castigating resistance with assassinations, death sentences and mass executions.

Now, a clash between appendages of a dwarven dictator induced deaths—as the aftermath fertilized Maguindanao soil with lives of those trapped between conflicting warlords. Both Ampatuans and Mangudadatus were Arroyo's collaborators that installed her into power, before waging war against each other, by running for office.

Images of corpses butchered by tyrants, way back in prologues of history, are relived in pages of broadsheets and flashed on television screens. These photographs are not nostalgic pictures reminding us of bestial practices and senseless brutalities of the past. Neither are broadsheets special retrospective issues nor are television programs historical documentaries. The violence occurred in our epoch, when humankind is ideally civilized.

The Ampatuan massacre—the darkest day for press freedom, as described by media groups—awarded the Philippines the reputation of being the worst place for journalists and the world record for killing the most number of journalists in one fell tragic swoop.

About 30 of 64 dead bodies buried in shallow graves and violated in the manslaughter, were journalists. Some victims are potential witnesses. Just like police and military forces, had they sided with justice. Some victims are women—desecrated, mutilated sexually abused women, who were inviolable, according to an unwritten law among the clans. But thirst for political power breaks any culturally established agreements of the *rido* or blood feuds between kinship groups.

This shift from familiar trends during election season is exceptional, because it triggered scrutiny towards human rights conditions. A wholesale onslaught seems like a prerequisite for us to remember

election-related barbarisms in particular, and political persecutions in general, despite the past numerous human rights violations.

This shall serve, not just as evidence, but another reminder that democracy in this country is reserved for political allies of the powers-that-be. Not because of the immaturity of our political system, being a third world country bound to undergo such transition, as some so-called intellectuals might argue, but because this government, just like most governments of the world, is founded not in service of its constituents, but in service of wielders of state-instituted political power, i.e. bureaucrat capitalists and feudal lords. This arrogance of Ampatuans is probably due to the support they relish from fellow ruling dynasties such as the Aquinos, after the EDSA Revolution. And now, the Arroyos (Note the resemblance of an incident that happened exactly five years and a week ago at the Hacienda Luisita.) This faulty system bred the likes of the Ampatuans. The system that continues to breed warlordism.

Desperation to retain power drove regimes and clans to commit crimes against the people. They eliminated competition, or whoever they whimsically categorize as menaces. Human rights watchdog Karapatan recorded 1,032 extrajudicial killings, 3,451 other human rights violations and 217 political detentions under the Arroyo government.

Thus, we can differentiate the Arroyo regime and the Ampatuan clan. The former systematically murdered threats to its throne of power in various creative manners that are oftentimes legitimized by prejudiced laws. The latter massacred its political enemies in one monolithic blow—breaking unwritten laws despite the dishonour. However, both perpetrators are veiled by impunity. The point is, they kill. And they kill a lot. They are on a killing spree. And they are fond of it and are getting away with it. And they should be penalized by the same law they claim to abide by.

The usual firestarter of despicable crimes discussed herein are death threats. As Mangudadatus received public threats from Ampatuans prior to the massacre, UPLB constituents are harassed by black propaganda distributed by the amorphous Save the Youth Against Communism and Terrorism, which ironically terrorizes the students by mudslinging against legitimate students and student formations, and arguing in defense of OSA Director, Lt. Col. Gonzales.

Through anonymity, SAY-ACT is seemingly cloaked in impunity, just like regimes and clans that kill. And kill a lot. But some pseudo-organization's anonymity does not bestow upon it immunity from condemnation. This group, claiming to be composed of former student leaders, should be held accountable, just like the military detachment near the blood-spattered slaughter area wherein vehicles were marked with the stench of the Ampatuans.

It would be timely for us to offer moments of silence for the victims of political persecution. We, however, shall not end with silence. We shall condemn human rights violators in the strongest possible terms, and indemnify the victims. Unless we want to increase the body count, signal the Arroyo government that we tolerate vulgar mass murder and appreciate warlordism, more US troops and another martial rule. If these threats, cloaked in black propaganda, materialize into deaths, then the historical record on the 23rd of November might repeat itself nationwide, when the Arroyo government use the situation their ilk created to justify the need for emergency powers.




Text by
Arbeen Acuña

Illustrations
by Ayesha Sarapuddin.



Mercy Palabrica, Tacurong City Employee. Slain aboard a Red Toyota Vios on November 23, 2009 with other civilians Eduardo and Cecil Lechonsito, Daryll De Los Reyes, and Wilhelm Palabrica.

**Hatol sa Ating Katahimikan**
ni John Marc Acut

ika-23 ng Nobyembre,
dalawang libo't siyam

paisa-isang
bumulong
muli mula
sa libingan
ng ating
katahimikan

ang mga Tausug
ng Jabidah
nung ika-18 ng Marso
taong 1968

ang labintatlong
nag-ingay sa Mediola
noong ika-22 ng Enero
ng Nobyembre 1987

ang pitong
magsasaka
kasama ang dalawang
musmos
sa Hacienda Luisita
nung ika-16 ng Nobyembre
taong 2004

mga lalake, babae,
matanda, bata,
Kristiyano, Muslim,

mga mamamayan,
lahat Pilipino

mga kaluluwang
naglakas-loob
mag-ingay
sa pag-asang
ang sigaw
mula sa 57
na pinatay sa Maguindanao
ang siyang babasa
sa kanilang hatol

(May Sala!)

sa atin
at sa ating
katahimikang
naglibing sa kanila
at
papatay
ng marami pang iba.

**Pagkakataon ng Pagpapakatao**
ni Maryjane Alejo

Pagkakataon ng pagpapakatao
ang pagyakap sa kawangis na sinawimpalad
at pagpalis sa mga sapot ng bagabag
na bumabalot sa mga pusong naghihingalo:

Libu-libong katawang kasiping ang gutom
Libu-libong lalamunang lumalagok ng tubig-lason
Libu-libong sikmurang walang patid sa pamimilipit
Libu-libong bibig na langaw na ang humahalik
Libu-libong kamay na nagkakalkal ng pantawid-buhay
Libu-libong mukhang binubura ng panahon at karahasan…

Kapwa man naghihimutok
ang mga dibdib na hila ng hilahil,
ang liyab ng kanilang ginipit na pag-ibig
ay walang kasing igting,walang kasing giting.

Pagkakataon ng pagpapakatao

ang pagyakap sa kawangis na sinawimpalad
at pagpapabagsak sa naghaharing
nagpapalawak ng agwat.

## What Breeds and Slays Monsters

by Maryjane Alejo

What breeds monsters?

Men whose wives and children
Are but part and parcel of their kingdom,
Women whose selves are but shadows
Of their husbands and children,
Children whose future is lost
In the shadows of the present.

When growth is but expansion of might
And might is but force without strength,
When strength is but pleasure without labor
And labor is but pain without love,
When love is but a unity without identity
And identity is but a name without a face,
When faces are but nameless mutilated corpses
And corpses are garbed with law and order,
When order is but a straight line of corpses
And corpses are but trophies of monsters,
When monsters are but leaders of nations
And nations are led by monsters…

Then what slays monsters?

Men and women and children
Who shed sweat and blood for their homeland,
Women and men whose courage is bright light
That guides children away from shadows of death,
Children who take into their hands today
The building of their future.

*7 December 2009.*

## Ang Nagbubunga at Makapupuksa ng mga Halimaw

ni Maryjane Alejo

Ano ang nagbubunga ng mga halimaw?

Kalalakihang ang turing sa mga babae't anak
Ay bahagi lamang ng kanilang kaharian,
Kababaihang ang mga sarili'y nagtatago sa anino
Ng kanilang mga asawa't anak,
Mga anak na ang kinabukasa'y naglalaho
Sa anino ng kasalukuyan.

Kapag ang pag-unlad ay paglawak lamang ng kapangyarihan
At ang kapangyarihan ay pwersa lamang na walang lakas,
Kapag ang lakas ay kaluguran lamang na walang paggawa
At ang paggawa ay pagpapakasakit na walang pag-ibig,
Kapag ang pag-ibig ay pagkakaisang walang pagkakakilanlan
At ang pagkakakilanlan ay pangalan lamang na walang mukha,
Kapag ang mga mukha ay di-kilalang mga bangkay
At ang mga bangkay ay dinadamitan ng batas at kaayusan,
Kapag ang kaayusan ay isang diretsong linya ng mga bangkay
At ang mga bangkay ay tropeo lamang ng mga halimaw,
Kapag mga halimaw ang siyang mga pinuno ng bayan
At ang bayan ay pinamumunuan ng mga halimaw…

Ano ngayon ang makapupuksa ng mga halimaw?

Kalalakihan, kababaihan at mga anak
Na nagbubuhos ng pawis at dugo para sa lupang tinubuan,
Kababaihan at kalalakikang ang tapang ay liwanag
Na gumagabay sa mga anak papalayo sa anino ng kamatayan,
Mga anak na inilalagay ngayon sa kanilang mga kamay
Ang paglikha ng kanilang kinabukasan.

*8 Disyembre 2009.*

## Ang Paghahanap sa Kalinaw

ni Kislap Alitaptap

(para sa lahat ng biktima ng Ampatuan Massacre)
28 Nobyembre 2009

Maguindanao, O Maguindanao!
Ang halimaw sa'yong katawan
Ay nag-aanak ng karahasan.
Pinapaslang nito ang buhay sa'yong kapaligiran,
Nilulunod nito ng dugo ang mga katihan.

Maguindanao, O Maguindanao!
Gamitin mo ang talim ng 'yong balaraw
Upang gapiin ang umaalipin sa'yong halimaw.
Gamitin mo ang kinang nitong taglay
Upang patahanin ang palahaw sa'yong mga palayan.

Maguindanao, O Maguindanao!
'Wag mong hayaang tuluyang mangibabaw
Ang bantayog ng itim na buwan.
Maguindanao, O Maguindanao!
Muli mong hanapin ang 'yong kalinaw.

## 1959

ni Kislap Alitaptap

05 Disyembre 2009

Hindi pa nakalalayo ang umaga sa paliligo
Nang sa kanya'y bumuhos ang balitang kumukulo.
Mula pa sa tungkong labi ng pasistang pangulo,
"Igawad na sa Maguindanao ang kamay ng Martial Law."

Una nang inihain ang Writ of Amparo
Sa mga Ampatuan na kanyang kaalyado.
Writ of Habeas Corpus, ay isinilid din sa sako.
Mas malala pa ito sa rimarim ng 1972.

Ngunit katotohana'y 'di mabubura sa paligo
Ang deklarasyong ito ay matagal ng niluluto.
Ang pangulo nating ito ang pinuno ng warlordismo.
Iligtas ang kaalyado't manatili sa pwesto. Ito ang layon ng Martial Law.

'Di na nagbanlaw ang umagang naliligo;
Araw ay hinarap, Tigmak ng ngalit ang noo!
Sukbit ang tapang tumungo sa monumento.
Katarungan, Kapayapaan!  Tutulan ang Martial Law!

*21 Disyembre 2009*




*Photo by Sinta Isaac*

## Sahid

ni Louise Vincent B. Amante

### I.

Sa araw na ito, isisilang ang aming pag-asa.
Pinili naming tahakin ang daang
tutungo sa hatid na liwanag
ng demokrasya.

Kapangyarihan ng mamamayan
ang magpapasya.
Kaya sa araw na ito, pinili naming
lakbayin ang daang hatid
ay isang pangako ng kariwasaan
dito sa isang bahagi ng Lupang Pangako.

Batid naming bako-bako ang landas
patungo sa kaliwanagan.
Subalit, pinakamainam ang sumuong
at magpatuloy
upang makilatis
ang lahat ng hadlang
at sagabal sa daanan.

Pangarap naming magwakas
ang paghahari-harian
ng Shaitan
sa aming bayan.
At sa pangarap na ito, matatag
kaming bumabagtas
sa landas na itong tumutunton
sa mithing paraluman.

**II.**
*Aba, aya, sayang bapa!*

Lampas sa bilang ng mga daliri
ang humarang sa aming
kampon ng Shaitan.
Kaliluhan ang sa kanila’y bumubuhay
Kasamaan ang sa kanila’y gumagabay.
Hindi na yata namin
mararating ang mithing pangako
ng demokrasya.

Sa bayang ito’y
batas
ang bala
at pera.

*Aba, aya, sayang bapa!*

Pinababa kaming lahat:
bata, matanda, babae, lalaki,
abogado, dyarista, brodkaster.

At sa harap namin:
Ang Shaitan.

Tangan niya ang sandata
ng kanyang paghahari-harian.

*O taksil na pita sa yama't mataas!*

Wala siyang awa.
Siya ang Shaitan.
Humalakhak siya
Habang isa-isa kaming pinapaslang
ng kanyang mga kampon.
Wala na kaming hininga'y
niratrat pa rin niya kami
ng kanyang kasiyahan.
Wala siyang awa.
Siya ang Shaitan.

*Aba, aya, sayang bapa!*

Sa bayang ito'y
batas
ang bala
at pera.

**III.**
O Bathala,
Panginoong Al'lah!
Puso mo'y nahambal ng aming panaghoy.
Sinong di makatatarok
ng aming hinagpis
habang pinapaslang ng Shaitan?

O Bathala,
Panginoong Al'lah!
Dinggin mo'ng aming sari-saring daing.
Bagaman sinipsip ng lupa
ang aming mga dugo,
matingkad ang aming hangad na katarungan.

O Bathala,
Panginoong Al'lah!
Sa araw ng paghuhukom,
Hayaan kaming mga ibinuwal ng Shaitan
ang unang magpataw
ng parusa.

*29 Disyembre 2009*

Sahid – sa Islam, martir
Shaitan – *ditto*, Satanas

*ilang linya ng tula ay hinango sa *Mahal na Pasion* ni Fray Aquino de Belen, *Florante at Laura* ni Balagtas, at "Sagot nang España..." ni Plaridel.

**Lupang Hinirang**
ni Angelo Ancheta

Sumabog, kumalat, nagpira pira-piraso
Gunita, pangarap, prinsipyo
Ibinaon sa lupa ng paglimot
Subalit may tainga ang lupa
At lumipad ang balita

Ng kasakimang lutang na lutang
Pilit ibinabalot ng kinang
Bulaklaking salita, mapormang alindog
Makapal pa sa semento, makunat na goma

Huwag kaligtaan
Himig ng pinagmulan
Taglay mong kapangyarihan
Hiram sa lupang dinuguan

*27 Disyembre 2009*

**(Sa Wakas)**
ni Mark Angeles

Niya den ba, nakoma tanu sa maya a kinaparasan. Bagedsa ako saguna ngan e madtalo nu mga bamedsulat sabap sa niya nanggula, gelay niyan bun e niya ba sa taginep nilan. Nginan ka mana naman a terik e langun na ibesulat nu? Sa saguna a nisisita su kalimu nu apeg kabelyu nu mga tidto a nanggula. Niya kami, sekami a mga inimatayan, a mimbangon siya bun sa lupa na pinbatan sa lekami, sa dalapa a niya bu mapulo sa mga Ampatuan na da malat su nanam nilan a imatayan kami na da kami makato. Magaga nu ba imbalingan su umul nami sa mga tudtulan nu a nan? Magaga nu ba idsingil e agan a umul mami?

***

Sa wakas, dumating tayo sa ganitong wakas. Nagtatanong kayo ngayon kung ano ang tula. Kayong mga nagsusulat tungkol sa mga nakikita ninyo sa paligid, tungkol sa inyong mga panaginip. Bakit parang tuyong lalamunan ang dila ng inyong panulat? Kung kailan kailangan ang inyong pandamdam. Kung kailan kailangang ilabas ninyo ang katotohanan. Narito kami ngayong mga bangkay na umahon mula sa tinabunang lupa, sa lugar na pinaghaharian ng mga Ampatuan.
Walang awa kaming sinalakay. Walang kaluluwa kaming pinatay. Kaya ba ninyo kaming buhayin sa inyong salaysay? Kaya ba ninyong awitin ang aming saysay?

•*Ang unang talata ay salin sa wikang Maguindanaon ng tula*

**Hudas Not Pay**
by Mark Angeles

Today, I am listening to a song about vanishing
photographs like color of eyes that fade with time.
I love listening
for words, above all, for the tragedy (that is) this world
in this lifetime. The contradiction is not that we draw
a circle of protection to save us from harm
but to shut ourselves
in—to blockade.Denial is always the first step. Aren't we good
at being escape artists? (even from the beginning:
we gravitated towards the luminosity
at the fringe of our mother's vagina; we floated
away from her fortification) Then there's anger.
How we manage to contain our blood, boiling,
this pool of poison that invigorates us. The contradiction
is not that we have the tendency to leak
but how enormous is the seepage in somebody else's space.
There is an accepted *carte blanche*
to kill. How it is attractive
to come to the point of being sympathetic
*apropos* invasion owing much to bravery. To kill
is to eat is to survive.
Nietzsche once ran towards a carriage horse, crying,
begging for forgiveness because the beast was an *automaton*
and the horse neighed.
I love listening
to people whining about the weather, about being slaves
at the later hour of our century. The contradiction
is not that we are moving forward—scythe on each hand;
hacking the tall grass—but how we walk
towards the trail. Some of us ache to look back
without
the notion to cogitate: the kiss of death:
Hudas not pay?

**ang pagpatay**
ni maria baleriz

maaaring isa ka sa limampu't pito
kaya kung wala kang gagawin
kundi ang maupo at magpaganda
mag ubos ng oras at maging abala
sa mga bagay na di naman talaga mahalaga

atupagin ang pag-aaral ng hindi nakikiisa
sa mga nagaganap sa kapwa mo't bansa

magpayaman at magpayaman at magpayaman
ng hindi tumutulong sa mga nangangailangan
kahit kaisa ka ng marami sa bawat pag-alma
negosyo pa din ang aatupagin at sa mga isyu: deadma

magpakalasing sa mga sosyal na bar
maglakwatsa at maglaro ng dota

magpaskil ng mga kaartihan sa facebook at twitter
o kaya magyabang na may bago kang lover

di na nakakagulat kung ikaw naman

ang maging laman ng krimeng kahindik hindik
na nilikha din ng kawalang pakialam

sa sandaling iyon
tignan natin kung hindi ka magpanik
at pagsisihan mo ang iyong pagiging manhid

sa panawagang paglaban ng karamihan:

katarungan at kalayaan!

**Dapat Bang Lagi Na Lamang Naming Sabihing Ay!?**
ni Noel Sales Barcelona

1.
Umagos ang dugo
Para bagang baha
At agad na sinipsip ng lupa
Ang tumagas na likido ng buhay.

Inaamalang maitatanggi
Ang kabuhungan—
Inilibing kayo at maging ang inyong mga sasakyan
Sa hukay na dalawang araw na palang nakahanda

(Tinalo pa ni Andal Ampatuan Jr. si Kamatayan
Ang karit na hawak niya
Sa isang wasiwas—utas ang mahigit 50 buhay
Kasama ang sanggol sa sinapupunan)

Ay! Anong saklap naman ang sinapit ninyo!
Hindi maiwasang maluha, manlumo, magngalit
Ang nakapanood, nakakita, nakasaksi sa inyo
Habang kayo'y iniaahon: sabog ang bungo, ulwa ang bituka…

Ay! Ibang uring halimaw ang sumalabusab sa inyo
Walang habag, walang puso
Walang kaluluwa, walang apdo
Sino bagang tao ang makagagawa ng karumaldumal na ito?

2.
Ay! Mananatili na lamang bagang panaghoy
Ang paghingi ng katarungan para sa inyo,
Kayong nagsiibig sa isang mapayapa
At demokratikong lipunan para sa Maguindanao?

Ay! Mananatili na lamang bang paghihinagpis
Ang bawat saling ng inyong mga ala-ala
Kayong sinawi dahil sa pagkagahaman
Ng isang baliw at hayok sa kapangyarihan?

Ay! Wala na bang katapusan ang pag-ay!
Habang ginugunita namin ang pagkatay sa inyo
Nilang mga halimaw na nagsatao't
May ugnay diumano sa bakunawa sa Malakanyang?

Ay! Dapat bang sa inyo iukol
Ang paghimig ng ponebre't Ave Maria
Para sa ikapapayapa ng inyong kaluluwa
At ikatatahimik na rin ng iba pang may gayunding kapalaran tulad sa inyo?

3.
Dapat nga bang walang katapusan ang aming paggibik
Ang pagbuntung-hininga't pagsabi ng Ay!
Sa tuwing dadaluyong sa gunita
Ang ala-ala ng inyong pagkamatay, mga kasama?

Dapat bagang pagsigaw lamang sa lansangan
At pagamuki sa mga panginoon
Ang aming dapat gawin upang
Matubos ang dugong tumigis sa lupang pinagkataya't pinaglibingan?

Dapat bagang ipagsapalaran na lamang namin
Sa mga hukom at mga mahistrado
Ang pagsingil sa kabayaran sa inutang na dugo sa inyo
At sa ilan pang pinatay dahil sa prinsipyo?

O dapat bagang mayroon kaming gawing hakbang
Laluna kaming mulat at mayroong sikdo
Ng pulso ni Bonifacio sa aming mga ugat
At mismong Bayan na ang maghatid sa inyo ng katarungan?

*Lungsod ng Antipolo, Rizal*
*23 Disyembre 2009*

## Massacre

by Trevor Batten

What poetry is there in evil deeds
That destroy our basic daily needs?

What words can ever serve
To heal the ruptured nerve?

Wherever is the fun
When life is ended by the gun?

Whatever is the joy
When human life becomes a toy?

What then the social skill
That protects us from the overkill?

**Maguindanao**
ni Diana Galaura Cabote

Ay, ang napakapayapang lupa,
Kung ang angkan ng Ampatuan ay wala.

**Halimaw sa Katanghalian**
ni Jef Carnay

Pinunit ang mukha ng mga magagandang babae
Winasak ang bunganga ng makata
Pinutol ang kamay na panulat
At may ilang birheng ginahasa.

Binusalan ng lupa ang bibig
Sa sintido binaon ang tingga
Tinagpas ang suso ng nanay
Mga anak na pinatiran ng luha.

Ginilitan ng leeg ang mga asawa
Pinasadahan ng bakal ang mga sikmura
Hinulog sa kumunoy na tuyot
Inilibing ang mga kwentista

Halimaw ang pumunit
Halimaw ang nagwasak
Halimaw ang pumutol at gumahasa

Halimaw ang nag busal
Halimaw ang nag baon
Halimaw ang tumagpas at nag patid

Halimaw ang gumilit
Halimaw nagpasada
Halimaw ang naghulog at nag libing sa mga kwentista.

**Follow Me on Twitter**
ni Rustum Casia

Akalain mong nagawa mo pang gawing status message
kung gaano ka kalasing, kawasak, ka-wasted
at kung gaano karami ang isinuka mo kagabi.

Akalain mong nag-abala ka pang magsasagot
ng online quizes kung gaano kataas
ang iyong IQ, kung gaano ka katalino,
kung gaano mo kakilala si ganito
at kung sinong philosopher ang katumbas mo.

Akalain mong kung anu-anong link ang sini-share mo.

Akalain mong napaka-walang kwenta ng pino-post mo
araw araw habang hikaw
na huling suot na lang ang nagpapakilala
sa kabaro mong binura ng bala ang mukha
sa Maguindanao Massacre.

At ngayon, may gana ka pang magmalaking
follow me on twitter.

Akalain mo.



*Photo by Sinta Isaac*

## Hindi Kayo mga Pangalan Lamang

ni Maureen Gaddi dela Cruz

Hindi kayo mga pangalan lamang
o mga numerong itinatala sa pisara
naming mga naghihintay, nangangamba
sa bawat pag-alingawngaw ng putok
at pagtama ng bala, sa bawat pagtangis
ng naghihinagpis na anak o asawa.

Kayo ay mga ngiti na hindi na muling masisilayan,
mga yakap na hindi madama ng kaibiga't kaanak,
mga tinig ng pakikibaka't tagumpay na nilunod
ng nakagigimbal na katahimikan.
Kayo ay buhay na ibinuwis sa kamay ng mga sakim
at mapaniil, dugong idinilig sa lupaing uhaw sa katarungan.

Kayo ang pag-asang binawi ngunit muling paaalabin
naming nakikiisa't nakikiramay,
ang gunitang hindi mabubura sa isipan naming
hindi lamang mangungulila at mag-aabang sa balita,
hindi lamang magbibilang ng mga bakas at bangkay
kundi kikilos, magpapatuloy:
kayong mga hindi nagpadaig,
hindi bumitiw sa laban
ang siyang kaluluwa at himig
ng ipinagtatanggol na kalayaan.

*San Pedro, Laguna*
*10 Mayo 2008*

**You Are Not Mere Names**
by Maureen Gaddi dela Cruz

You are not mere names
nor numbers, tally marks on a board
as we wait in fear for each round of shots,
as we guess the trajectory of the next bullet
and listen to each fresh wail of grief.

You are the smiles that will no longer greet us,
the long-missed embraces, the courageous,
triumphant voices lulled to grim silence.
You are the lives cut short by the oppressor's greed,
the blood sprinkled on this land that thirsts for justice.

You are the hope once wrested from us
that we seek to rekindle – we who mourn and remember
shall unite in your struggle.
You are the memory that can never be erased.
We shall not sit still awaiting the news,
we shall not keep counting the traces and the corpses:
we shall continue your fight.
For you who refused to yield, who never cowered in fear,
are the soul, the rhythm,
of our hard-won freedom.

*San Pedro, Laguna*
*10 May 2008*

**Mesias de-Pisi**
ni Francis Murillo Emralino (Ang M.V.)

*(salin ng naunang tulang pinamagatang "Marionette Messiahs" ukol sa masaker na nangyari sa Maguindanao, Diciembre a-trece, dos mil nueve)*

Heto! Parating na ang parada ng mga dragon
Paseryo-seryoso, sa harap ng kamera akala mo totoo;
Pabala-balabal, mala-diplomatikong mga tono,
Pero walang makamundong taguan ang mangyayari
Sa kasaysayan (sa krimen) na inyong sinulat (na inyong ipininta).

Para lang manatili ang palabas doon sa timog
Ng kapangyarihan gamit ang armadong mananayaw –––
Politico-mananayaw;
Mga dragon sa timog sa daan ay nagpahanga
Ginamit ang isang convoy na may sariling pangitain, sariling nasa;
Pagpalag ay sinuspinde ng dulo ng baril, nanakmal gamit kanilang mga pangil
Upang ang laban gawing malaya sa katunggali,
Walang totoong botong magpapakagiting.

Sa isang araw lamang –––
Mga bala, ganid, pita ng laman ang umangkin:
Sa hininga ng limampu at higit! palamuti sa dagliang libingan
Sa maburol na lugar doon itinago, disenyo ng mga sundalo ng Hades
Mga binayaran para isantabi ang takot, magbulag-bulagan
Sa pagkukubli, pagkakalat ng mga tulalang mga mukha;
Ang landas nitong sana'y mga umaasa sa magandang eleksyon,
Lunod na sa manuyo-nuyong dugo at nagamit na basyo;
Ngunit –
Kelan pa nagawang patagalin ng mga dragon,
Ang kathang-isip ng kanilang galing?

Ngayon,
Parada nitong mga mananakmal ay papunta nang altar,
Pinaganda ng mga binasbasang mga rehas:
Ng bakal; malamig; walang para sa diyos
Inilawan, gawa sa mga bloke ng semento – ang kulungan,
Naghihintay ng litis: gaano katagal? walang nakakaalam;
'Pagkat kanila ang (katimugang) kaharian, ang Masaker ginawang laro
At ang mga kaibigan sa Partido baka ibaluktot, ang hustiyang dapat idulot.

Balita'y dapat ipakalat, nitong (buhol-buhol) na mga koneksyon
Ng pulitika, kapangyarihan at (pagmanipula) sa eleksyon;
Sa kanilang mumunting (at tila sariling) mundo kumukubli
Mga nabusalang kwento ng mga krimen ng mga ganid,
Pribadong hukbo para sa proteksyon at pagpuksa sa kaaway?
Mala-palasyong mga bahay para sa tao, pangalawa sa pinakamahirap sa pulo?
Ang kanilang paghahari-harian ay guguho
Sa harap ng kasinungalingan at kanilang mga krimen-dibuho!
Dahil dito, (katimugang) kagahamanan ay nagpapatuloy –––
Ang Masaker ngayon ang siya nang huling abuloy.

Dahil paano ipagpapatuloy nitong mga napatay ang pagpanalo sa hustisya?
Kung mula sa kanilang himlayang ginawa ng backhoe
Tanging tangis ang tumatagas sa hangin?
Tayo!
Ang humihinga, ang magiging bantay ng mga testimonya,
Dahil itong mga kaaway may kakayahang nakawin ito,
At wasakin, ibaluktot ang isorya.
Ang kathang-isip, ang dinastiya, ang mekanismo ng Clan,
Ngayo'y may lamat na dahil sa kanilang malakihang pagpatay.
Ito ang Kapalaran, ika nga
Pero sa kalahatan, ang pagsasara ng palabas –––
Sa simula pa'y isang huwad, laro ng mga de-pising mga karakter.

Sa mga naiwan nabibilang ang huling palakpak
(Kung hindi man ang hindi na pag-ulit sa palabas, nitong mga armadong mga mandaraya.)

Itong mga laruang papet sa pulitika'y
Lahat mula sa laro ng mga pising kumakampay,
Pareho, para sa Palasyo
At sa mga taga mala-palasyong tahanan sa timog
Ang mga pising ito'y kanya-kanya nang pagbubuhol-buhol…
Dating gamit upang ipabatid
Ang kanilang pagkakaroon ng basbas – marka umano ng mga tagapagligtas;
Ngayon huli na sila sa bitag-hustiya,
Itong mga dragon, mga insekto lang pala.

Ang paggiba ay nagpapatuloy
Dito sa mga de-pising mga diyos-diyosan,
Putul-putulin at sunugin, kahit hindi na ilibing;
Hayag sa mundo:
Ipabatid sa impyerno na isinusuka ng lupa ang laman ng mga huwad na diyos;
Ang mga papet hindi makakapang-ibabaw
Sa mamayang binigyang kalayaan sa ilalim ng araw.

**To Death Squads, So They May Not Forget**
by Dennis Espada

*God's faithful people are dragged off and killed and no one even cares.*
*Evil sweeps them away, but in death they find peace for obeying God.*
*- Isaiah 57: 1-2*

You appear to do the devil's mission:
to snatch more lost souls away from the light.

The state vampires suck dry earthly bodies,
scaring me with nightmares of what it's like

to be chased, caught, and devoured alive. So,
how much do they owe you to banish me

six feet under? Is it enough to pay
your bills, fly away to Boracay or

stroll around the mall for a shopping spree,
leaving behind indelible bloodstains?

Ah, greed! You build a house of locks and keys,
of broken glasses on top of high walls,

of more of the same hell. Please expedite
the lessons of sowing and reaping, much

like a cosmic gravitational pull.
For the longer we wait to begin, the

less likely we are to find truth about
the afterlives of altruist martyrs.

*27 April 2008*

**Getaway Car**
ni Dennis Espada

May karatulang:
"Abducted activists on board"
sa tinted na salamin
ng kotseng may plate
    number 1.

Tatakpan iyon
ng mga nakangiting billboard
sa Edsa ng may-ari
ng kotseng may plate
    number 1.

Di kelangang
may x-ray vision para makita
ang mga nakagapos
sa kotseng may plate
    number 1.

Pagkat ating
pinagpapagura't pinagpuyatan
ay laging dinudukot
ng kotseng may plate
    number 1.

Sinasagasaan
ang sumaksi sa kalaswaang
nagaganap sa loob
ng kotseng may plate
    number 1.

Binabasag ang
mga ilaw sa mahabang dilim
tuwing malilingat
sa kotseng may plate
        number 1.

Nabanggit sana
iyon ng adik mong textmate.
Lahat tayo'y yayariin
ng kotseng may plate
        number 1.

Ngunit baya'y
suklam sa taksil na kaskasero,
titiyaking mababalaho
ang kotseng may plate
        number 1.

*Sta. Rosa, Laguna*
*Abril 2004*

**Asong Ulol**
ni Danny Fabella

Mga sibilya't inosente
Sabay-sabay na inatake
Sa naghuhumiyaw na liwanag
Walang-awang pinagpapaslang
Ng mga asong ulol, asong ulol, asong ulol ng palasyo
Asong ulol, asong ulol, asong ulol ng palasyo

Ngunit sino ang tumutugis
At sino ang siyang dadakip
Sino ang siyang mag-uutos
At sino ang masusunod?
Mga asong ulol, asong ulol, asong ulol ng palasyo
Asong ulol, asong ulol, asong ulol ng palasyo

KORUS:
Sila ang sinasabi, sila ang itinuturo
Ng maraming nakasaksi
Silang pinalaki sa kalinga ng Reyna
Sila ang mga salarin, nakawala, nakawalan,nakawala!

Mabagsik na bantay ng trono
Malupit na magnanakaw ng boto
Upang muling manatili
Ang amo nila sa paghahari
Mga asong ulol, asong ulol, asong ulol ng palasyo
Asong ulol, asong ulol, asong ulol ng palasyo!

Saklot ng takot ang paligid
Mga aso'y umaaligid
Unipormado't mata'y nanlilisik
Sa mga tao sila'y mababangis
Mga asong ulol, asong ulol, asong ulol ng palasyo
Asong ulol, asong ulol ng palasyo

Ulitin ang KORUS

Mga asong ulol, asong ulol ng palasyo… nakawala!!

**Sa Palengke ng mga Gahaman**

ni Rom Factolerin

Sa palengke ng mga gahaman
Tatlo-singko na lang ang buhay ng tao
At kung minamalas ka minsan, tatawaran ka pa.
Walang kuwenta kahit abogado ka man o mamamahayag pa,
Lalo na kung karaniwang tao ka pa.

Tatlo-singko na lamang ang buhay ng mga Pilipino,
Mas mura kaysa sa kending inilalako sa kanto
Sa mga hiningang nakabitin sa dulo
Ng kalabit at nguso ng mga palalo,
Higit pa sa wisyo ng mga panginoong
Makati ang daliri sa gatilyo.

Tatlo-singko na lamang ang buhay ng tao
Kaya't sa limampu't-pitong buhay na pinakyaw
Ibinenta at walang-awang kinatay
Ng mga burukratang mapagtungayaw
Sa mata ng buong bayang naghuhumiyaw
Katarungan at kalayaan
Laban sa mapang-aping lipunan.

Tatlo-singko na lamang ang buhay ng mga Pilipino,
At ang panawagan sa mundo
Halina't magsilbi kayo
Pakyawin ninyo habang sariwa pa
Ang mga lamang nagkalat sa lupa
Mga dugong nakakulapol sa mukha
Ng bayang sagad-sagad sa dusa at luha.

Pagkat…
Darating din ang araw
Na ang mga baryang ito ay maiipon,
Mga baryang tinumbasan ng buhay
Na siyang magsisilbing suhay
Mga baryang tutunawin sa init ng luha at galit
Ng pinaghalong dugo at pawis.

Huhubugin mula sa pinagmulang lupa at luha
Ng mga naulila
Dito isisilang ang isang uri ng bala
Balang sasalubong sa sumisibol na umaga.

Isa-isang ipuputok ang mga baril
Na naglalaman ng mga balang ito
Duduro sa sentido ng mga mapang-abuso
At dudurog sa kanilang maiitim na puso
Ibububo nito ang dugo ng mga palalo
Bilang kabayaran sa kanilang kabuhungan.

## Hinggil sa Ampatuan, Maguindanao Massacre

ni Richard R. Gappi

Ipapasok pa lamang sa
U.P. Diksyonaryong Filipino
ang hinahanap na
salita,
pang-uri
pandiwa
pagturing
at pangalan sa ating nasaksihan.

Isang nakangangang dila ng manananggal
ang lumubid sa 60 leeg sa mababaw na hukay.

Hindi ito kilala
ng mapa ng ating katinuan at katawan.

Ngunit ito ang pina-kurot sa kurot
sa pinaka-kurot ng kalingkingan:
at ito ang
pinakamarahas;

pinaka-walang habas!

bilang tao,
bilang pulitiko,
bilang mamamahayag,

bilang nag-iinheyl at nag-eeksheyl.

Ibig sabihin:
ito ay karanasan na hiwalay
sa ating kasaysayan at katawan:

tulad ng dilang nakalawit
sa pinaslang nating kapatid na mamamahayag.

Ngunit
tulad ng manananggal,
(sa gitna ng katanghaliang tapat
sa pusod ng palayan ng Ampatuan, Maguindano)
muli siyang nagbabalik,

muli silang magbabalik!

Nagmamadali tulad
ng alas-doseng sandalya
ng gitnang umaga-tanghaling tapat.

Hihigupin ang buntis ng kawalang hustiya
at ang pulang-magkaparehang pisngi ng demokrasya.

Ipagpaumahin mo, o intindihin nyo kami,
mahal naming bayan,
at mga kababayan:
kami ang nagsakatawang tao't
isinilang na muli;
kami ang aswang
mula sa burol ng

Ampatuan,
Maguindanao.

*Angono, Rizal, Pilipinas*
*7:08 pm*
*30 Nobyembre 2009*





*Photo by Sinta Isaac*

**Hinggil sa Ampatuan Masaker at Pagtakbo ni GMA**
ni Richard R. Gappi

Magkakambal ang masaker
sa Ampatuan, Maguindanao at ang pagtakbo ni GMA
sa Pampanga bilang kongresman.

Iniluwal sila mula sa matris
ng bala, pulbura at titis.
Ang apelyido nila'y isinulat sa utang na dugo
at di-mabilang na bungo
ng mga mamamahayag at aktibistang
binusalan nila ng punglo.
Ang inunan nila ay basag na katinuan
at hibla ng mga institusyong
gumuguho at nagsasa-Armaggedon.

Ninanakawan tayo ng pang-uri at katinuan
ng mga nangyayari ngayon sa ating bayan
na maniobra ng mga umano'y lider ng ating bayan.

Paano natin sisinuhin
ang ating anino sa lilim ng bilog na buwan?
Saan tayo maghahanap ng pulot-pukyutan?

Mungkahi ko: pakinggan lang natin
ang bulong ng ating ubod
at doon natin maririnig ang buod
sa bugtong na nakalambong
sa ating stwasyon at panahon.

Mula doon,
pirasong diklap ito sa gitna ng kadiliman:
isang matang-apoy ng nanganganak na bubuyog.

Ito ang wala sa likod ng mga nagmasaker sa Ampatuan
at sa pagtakbo ni GMA bilang kongresman.

*Angono, Rizal, Pilipinas*
*2:12pm*
*2 Disyembre 2009*

## **Ang Pagpuri sa Bagong Lilok ni Satanas***

ni Jonathan Vergara Geronimo

Minsan pang maglilok si Satanas ng iskultura,
na kawangis ng kanyang malagim na anyo;
sing itim ng kanyang mga balakin;
na layong itindig sa madilim na espasyo.
Nagsimula ang kanyang pag-ukit, paglikha:
Naghumindik ang kanyang sungay,
isang inosente ang sumabog ang bahay-karunungan.
Nagliyab ng husto ang apoy na kahubdan,
napunit na puri't nagkalat na tinilad-tilad na laman.
Ilang ulit na humagupit ang sutil niyang buntot,
nagdiwang na mga bala ang ibinurdang putok.
At itinaas sa langit ang makapangyarihang panusok:
Walang kibot, ni tibok ang gabing tikom sa takot?
Itinanghal ang obra, kinabukasan sa madla:
Putok na bungo.
Mga matang saksi'y tinusok.
Kapirasong balota ang sa bibig ay nakasuksok.
Nakagapos na mga braso't kamao.
Laylay na balikat at bugbog na mga tuhod.
Nakatapak ang mga paa sa timbangang tanso.
Habang idinuduyan ng malamig na hangin,
        ang inalimurang puting saplot.

Saka nagpalakpakan at pumuri ang mga maestro sa palasyo,
sa bagong lilok ng kanilang tagasunod at sundo.
Taglay ang ipinaskil na ngalan at titulo:
**INANG KATARUNGAN.**

(Kung ganito ng ganito, sinong handang sumaklolo't kumibo?)
**KAYA HINTAYIN NINYO ANG AMING NAGKAKAISANG SILAKBO!!!**

**ALAY sa mga biktima ng pampulitikang pamamaslang at masaker sa Maguindanao*
***SUMPA sa pamahalaang pumapatay!***

**Para sa Bangkay na Hubad sa Ngalan**
ni John Carlo S. Gloria

May seremonya't paggunita,
bang maiuukol
sa naging hantungan mo?
Tinaboy ka
sa halip na lumisang kusa.
Kinamkam ka ng nagbalatkayong dilim.
Binakasan ng pagsuko't
pugtong pag-aaklas.
Tinagpas ang pakpak
ng paruparong
nakikipag-ulayaw pa
sa tamis ng bawat bulaklak
sa parang.
Nagbigay-hudyat sa hatol
ang mga kampon
ng demonyo sa 'yong sinapit.
Umulan ng kometa sa langit.
Naringgan ng atungal
ang nagbabagang mga alitaptap.
Sa isang iglap,
ang pakikibaka ng ingay
sa katahimikan ay nagapi—
nagupo.
Nabahiran ng pula ang lupa.
Tumagas, naglawa,
Humalo sa lapot ng luha.
Sinipsip, hinigop ng bitak na lupa.
Kasama,
Batid namin ang 'yong pag-alma
Sa kalawit ng karit ni Kamatayan.
Magpatuloy ka na't 'wag nang tangkaing
lingunin kaming pabalik.

Pagkat wala kaming seremonya't paggunitang
maiuukol sa naging hantungan mo
kundi tanging hinagpis
na simpuro
nito.

**Hinayang**
ni John Carlo S. Gloria

Laksang mga mata pa
ang nakahimpil sa langit
nang pinasya mong taluntunin
ang bangkay na lansangan.
Humihimbing subalit nakikiramdam.
Ni hindi ka na humalik
ng pamamaalam
sa ‘yong misis
na hinandaan ka ng maiinit na sabaw
nitong nagdaang gabi;
at maging sa iyong mga anak
na alam mong gagayak ng pagsama
sa oras na mamalas ka.
Gaya ka rin ng iba:
Umusal ka ng mga panalanging
ika’y maligtas
sa tulong ng bawat butil ng rosaryong
mahigpit mong kinukulong
sa ‘yong mga nanginginig na dalari.
May kabatiran ka
sa maaaring maganap—
Agad mong dinukot
ang ‘yong telepono.
Nanlalamig ang mga daliring
Nagpipipindot,
nangatataranta.
Sa isip mo:
Ang iyong pitong anak
na naghihintay sa uwi mong pansit.
Ang iyong asawang
magluluwal ng inyong panibagong paslit.
Ang buong patnugutan.

Paano ang mga nabinbing mga sulatin?
Ang iyong mga kasama na tulad mo—
gitla sa mga pangyayari.
Ikaw ang sumusulat ng mga balita.
Sa bawat araw.
Subalit ngayon, isa ka na sa mga lalamanin nito –
sa ganitong paraan –
sa isang Masaker.

Kung alam mo lang sana:
Na bala ang siyang
babara sa tinta ng iyong panulat;
na bala ang magbibigay sa iyo
ng nakamamatay na sugat;
at siya ring lalagot sa iyong
mga pangarap,
di mo na sana binagtas pa
ang bangkay na lansangan.
Humalik ka na lang sana
sa iyong asawa't pitong anak –
na hinihintay pa
magpasahanggang ngayon
ang uwi
mong
pansit.

**alay kay Alejandro "Bong" Reblando*
*At sa lahat ng mga ' kasamang' kapwa natin biktima.*

**May Taong Nangangamuhan sa Diyablo**
ni John Carlo S. Gloria

Tumiba si Kamatayan
Nang mamanipula ng diyablo
Ang pinakabago nitong
Laruan:
Ang tao.
Walang pagkislot na kinilos ang paligid
Ni hindi kumibot,
Umingit, nagsungit,
Naghimutok ang langit
Gayong pumanay ang singasing
Ng ripleng bihasa sa paghibik.
Walang gatol.
Walang pag-iimpit
Ng dahas,
Ng pagkabarbaro,
Na pagkahayup.
Sa ilang saglit pa,
Ang mga ga-hinlalaking metal
ay nakipagtalik
Kay Kamatayan.
May nangatipon na tapon
Ng tili-daing-pakiusap at
Singhap ng hininga
Sa dugo at laman.
Nag-utos, humudyat ang diablo:
"Para sa kababaihan:"
May buntis na lumuwa ang tiyan.
May susong himiwalay at gumulong sa daan.
At may pukeng bala ang ipinalaman.
"Sa kalalakihan:"
May ulong natagpas buhat sa katawan.
May mukhang binaril ng malapitan.
"At sa mga mamamhayag:"
May napitpit na sinasakyan.
May katawang sa bala'y pinaulanan.

At may utak na pumulandit sa sariling likuran.
Gimbal ang hangin sa humalong
Simoy ng mga bangkay.
Tulala ang langit sa sumilay na atmospera.
At patay-malisya ang paligid
Sa pagdating ang mga operatiba.

Ang tanging tumambad na panginorin:
Limampung sugat ang
Naiwang tiwangwang
Ang laman,
Naging pandilig, pataba
Sa uhaw at tigang
Na lupa.
Samantalang ang diablo'y
Bundat na uusal:
"Ito na ang aking paboritong laruan."

**Parada ng mga Bayag (Tugon sa mga Panawagan Nila)**
ni Lolito Go

Ang gusto ko talaga noon ay maging journalist.
Laging nasa eksena, naghahatid ng balita,
Nakabuntot sa pulitiko, sa artista, sa terorista.

Exciting siguro ang makidnap ng Abu Sayyaf
O ang mahostage ng isang nag-aamok na
senglot, pagkatapos, pakakawalan din ako

Kapalit ng hiling nyang ticket papuntang Leyte.
Mapanganib pero langit, if you lived to tell
About it. Sa harap ng kalamidad ng tao't kalikasan,

Sa gitna ng putukan, sa piling ng mga aswang.
Habang tumitipa ako ngayon sa malulutong
Na mga tiklado ng keyboard, may nalulutong

Balita sa kung saan, may umuusok na bulkan.
At kung minamalas, may umuusok na ring
Mga bungo ng sibilyan, o ng mga taga media

Na naulanan ng tingga. Mapanganib pero langit,
if you died serving the sizzling plate of truth
sa hapag-huntahan ng nagugutom na republic.

Pero aaminin ko lately, nadisillusion ako.
Death wears many faces ika nga, pero
Meron din talagang hindi na mahitsurahan,

At takot akong isuot ang mukhang iyon
One bright afternoon in my adventure.
Nakakawala ng bayag pagmasdan silang

Literal na nawalan ng bayag, minachine gun.
Media man. Tagapamagitan. Kaya siguro
Sa gitna nila pinuruhan. May mensahe

Ang pamahalaan: tangina mo sige gumitna
Kang hindot ka. Babala sa mga mahihilig
Umeksena. Mas malagim kaysa pantasya.

Aaminin ko, nahihirapan na akong tumula.
Isang buwan na akong tulala. Isang buwan nang
Nakabitin ang mga parikala sa aking hininga.

Nasaan daw ang mga makata? Bakit kami
Piping saksi? Bakit kami nagpapahuli sa parada
Ng mga protesta? Hindi ko tatangkaing sumagot

Dito. Hindi ko tatangkaing sumagot dito. Hindi ko
tatangkaing sumagot dito. Hindi ako sigurado.
Bumubusina ako ngayon sa ibabaw ng puntod

Ng aking lungkot at poot. Pasahero ako ngayon
sa isang convoy ng mga mensaherong walang takot
na sumusugod, heavily armored ng mga taludtod.

**Body Count**
ni Lolito Go

Unang nahukay ang mga yuping sasakyan
Saka(y) ang mga katawang may yuping mga mukha
Limampu't pitong bangkay ang opisyal na bilang.
Sapat na dahilan upang magluksa ang bayan.

Sunod nilang nahukay ang mga armas,
Matataas na kalibre ng mga sandatang pang-aklas
Dalawang batalyong rebelde ang opisyal na bilang.
Sapat na upang ilunsad ang batas-militar

Huling nahukay ang kahun-kahong mga balota
At iba pang parapernalyang panghalalan.
Binilanggo't inilibing na mga bilang. Hindi mabilang
Ang dahilan kung bakit ako nahihibang.

## Scourge of the Masses

by Roge Gonzales

**O**utstanding you say your government projects are superficially s**O**
**U**nbelievable claims of progress as pseudo-economic gur**U**
**S**atisfied with your cohorts' grim tactics to silence all State dissenter**S**
**T**ormenting the innocent to bask in power, you clearly have no hear**T**
**G**loria, you really suppose you can continue fooling our growing thron**G**
**M**andate of the People you feed upon your insatiable greed mada**M**
**A**way with your lies! The Proletariat's rage will flare you to hell's lav**A**
**!** **!**

**Matagal Nang Nakabaon sa Lupa ang mga Bala**
ni Roge Gonzales

Matagal ng nakabaon sa lupa ang mga bala
at inubos ng pagtitimpi at pagdududa
ang mga pakpak ng mga nagpapanggap na anghel
na sa dala nilang mga gintong alak at alahas
ay tagapagligtas umano ng sanlibutan mula sa panganib.
Hindi na kailangang tanungin pa,
kung kaninong armas ang humampas sa mga katawang puno ng pasa,
kung kaninong patalim ang gumuhit ng pasakit at pagluksa,
at kung kaninong punglo ang dumurog sa mga bungo.
Kilala na ang kanilang mga mukha;
na tila mga rebultong ipinapaskil sa bawat pader,
isinasabit sa bawat punong bumabati ng samu't saring pagbati;
pasko man o pista ay nagiging panahon ng eleksyon.
Kilala na ang kanilang mga pangalan;
na binabandera sa bawat balita, inuuslit maging sa mga libro ng
pananampalataya,
bukambibig sa sermon ang kanilang mga donasyon;
binubulong ang iba't ibang palayaw sa bawat may-ari ng bangko at pabrika.
Hindi matatahimik kailanman ang mga kaluluwa ng pinaslang;
ang mga bangkay ng kaaway sa pulitika, diyarista, babae, bata
o sinuman na nakarinig, nakakita o nakapagsalita,
ay mga butong dinudurog lamang ng mga sakim sa kapangyarihan.
Paanong makakamit ang husitiya
sa hukumang nasa kapangyarihan ng iilan ang dikta?
Paanong magbibigay ng parusa ang sistema
na salarin mismo sa pagkitil sa mga biktima?
Matagal ng nakabaon sa lupa ang mga bala
isa-isang ipinunla ng kasaysayan
sa diwa ng galit at paniningil ng mamamayan;
At kasabay ng pagsibol ng mga balang ito
ay ang pagsilang ng nagbabadyang himagsikan
na gigiba sa mga kaharian ng mga diyos,

mga kahariang itinayo sa duguang lupa.

**Limampu't Pitong Anino**
ni Roge Gonzales

Sinikatan kayo ng araw sa gitna ng puting parang,
Sa ilalim ng hukay ng limampu't pitong anino.
Nabulagta ang mundo sa sinapit ng inyong mga katawan,
Ni walang buhanging inilihim ang maliliit na mga detalye,
Ni walang minutong ikinubli ang bawat sulok ng pagdurusa:
Ang inyong mga kamay at palad ay itinikom,
marahil sa pagod ng pagmamakaawa
o sa pagpupumiglas sa mahigpit na lubid.
Ang inyong mga likod at braso ay binuhat
ang bigat ng digma ng dalawang angkan
na itinuturing ang dugo bilang kalakal ng kapangyarihan.
Umabot man sa libo
ang mga punglong ibinaon sa inyong mga kaluluwa;
hindi nito mapipigilan ang langitngit ng milyong madla.
Dahil binusalan man ang inyong mga bibig
upang maging pipi't bingi ang buong probinsya,
hindi kayo pumanaw ng lubos na bigo:
Inilantad ng inyong mga mata
ang bawat anggulo ng mga litrato
at pinaalingawngaw ng inyong mga huling hininga
ang ulo ng mga balita
na ang ating bayan ay lugmok sa lagim.
Sinikatan kayo ng araw sa gitna ng puting parang,
Sa ilalim ng hukay ng limampu't pitong anino.
Luluha kami ng hindi takot;
Sa pagsingil ng hustisiyang ipinagkait ng mga baril.
Luluha kami ng hindi takot;
Hanggang sapitin ng mga berdugo ang dapithapon
at gabi ng ating nag-aalab na poot.

**maaaring isa ka sa limampu't pito**

ni Severino Hermoso

maaaring estudyante ka sa ateneo o lasalle o up o ust
o kaya manedyer sa bangko o kilalang kainan
maaaring artista o musikero
o kaya serbidor sa mga bar na sosyal
o nagmamay ari ng malaking bahay sa ayala alabang
maaari ding tagaluto ka sa malaking hotel
o simpleng tagapagbenta sa isang turo turo
nagtitinda ng samalamig at manggang may bagoong sa kanto
o mahilig sa starbucks o seattle's best
o ikaw na adik sa facebook at twitter
nagkakandarapa sa latest ipod, psp o wii
o di na makapaghintay na mapasakamay ang iphone o blackberry

maaaring may magara kang sportscar
o kaya maraming body guard sa iyong harapan
modelo ka ng kilalang mga brand
sapatos pabango kotse pulitiko o damit
at ang suot mo'y mahal pa sa nalilimos ng mga batang paslit

kahit sino ka pa
ano mang yaman mayroon o salat ka
hindi ka maliligtas
kapag umatake na naman sila
dahil wala kang ginawa para matigil
ang ganitong pangmamasaker

maaaring ikaw ang isa
doon sa pitumpu't pitong bumulagta
humandusay na saklot ng pangamba
humalik kay kamatayang di pa ibig makasama
kung saan ang sariling dugo ang umagos sa katawan at sa lupa
na pinangyarihan ng krimeng tatatak na sa kasaysayan ng mga aba

at hanggang ngayon di pa nananagot ang mga may sala

## Tsismis

ni Pia Montalban

**N**ang sa inaasam na huling sona
ng pekeng pangulong maldita
ay sinadya niyang di banggitin
ang pagsapit nang katapusan ng kanyang lagim
**nagsimula ang tsismis**

*Sinong aalis sa puwesto?*
*Ssinong bababa sa pagkapang-gulo?*
*Hinding hindi ang nunal sa palasyo*
*Ay kung ganun, ay di sino?*
*at paano?*

**Sa kailaliman ng gabi,**
**isa isang nagsulputan ang mga malulupit na *clue***
HR 1109 ay biglang-biglang naipasa sa kongreso
Posible naman palang makumpleto itong mga buwaya
basta may dangkal-dangkal na ube't ninoy
sa kanilang mga matatakaw na bulsa!

*Ganito pa nga nanganak ang tsismis ng bago*--

Nang bumulong si Puno
at ang damuhong si Norberto
sa parehas na Kampo
tinulak nito ang pagtakbo
ni Toto Mangundadatu

Nang bumulong si Puno
at ang damuhong si Norberto
sa parehas na Kampo
takot at inis ang siyang pumuno
natakot maalis ang mga Ampatuan sa pwesto

Kaya't sa katanghaliang tapat,
ginimbal ang mahigit sa animnapung katao--
lalaki, babae, buntis, bata, matanda!
Walang buhay na iniwan sa duguang lupa
Pinaslang... Pinaslang silang walang awa.

**At ipinataw muli ang Batas Militar------**

*Kailan pa tinawag na Rebelyon*
*ang pagsasabong ng dalawang pribadong angkan*
*para sa kanilang pansariling interes*
*na wala namang hanggad na pabagsakin ang estado*
*dahil kapwa sila ay mga mabubuti nitong kaalyado?*
*Ah, sabagay, Rebelyon ito,*
*Kahit walang batayan, walang makakabali na Rebelyon ito.*
*Oo, nga naman. Rebelyon ito,*
*lalo kung magsisilbi sa interes ng nunal sa palasyo,*
*Ang hulabaloo... ipipilit nga naman na Rebelyon ito.*

**Ngunit ang ina talaga nang lahat ng tsismis ay ganito--**

Ayaw naman talagang bumaba sa puwesto
niyang lintang nunal na nakatira sa palasyo.
Nanginginig siya sa araw na 'di na siya ang nakaupo sa trono
pagkat may katiyakan ang pag-uusig na gagawin ng mga tao
Hindi natin siya patatakasin, siya'y sisingilin,
lalo't ang kanyang inutang ay 'di lang pera kundi dugo--
  gabaldeng dugo!

Kaya sa tindi ng kanyang takot
gagawin niya ang lahat
huwag lamang mahubaran ng kapangyarihan.

Hindi na baleng mapulaan na walang delikadeza
*Certificate of Candidacy* ay kanyang nakangising ipinasa

Ang nais daw talaga niya'y magpahinga
Oh Gloria, puno ka ng pagkaipokrita!
Huwag mong gamitin ang masa
sa pagsusulong ng interes ng iyong pamilya
**Oh Gloria, Oh Gloria, pwede ba tama na!**

Kay husay mo sa larong chess, bulok na reyna
May abang sa bawat mga hakbang--
nariyan ang ConAss, ConCon, CoC,
hanggang "failure-of-election"
at "batas militar."

Na sa huli't huli'y
ikaw man ay manatiling pResident Evil
o maging bagong Prime Monster,
iisa ang tinutumbok ng iyong stratehiya:
**ang manatili sa puwesto magpasawalanghanggang Gloria.**

**at iyon,**
**iyon, hindi na iyon tsismis!**

**Salvage**
ni Pia Montalban

nadama ko ang kaba ang kabog,
ang bilis ng lundag
ng tibok ng pusong nais sumabog,
ang alat ng pawis
panghe ng singit
lapot ng dugo
at langsa ng laway

bago ako nabingi sa hiyaw ng punglo

at lumipad
sa kawalan
ang aking
kaluluwa

pero buhay,
ako ay buhay
tumitibok sa loob ng bawat aktibista
humihiyaw sa bawat tugma ng makata
bumibirit sa bawat tipa ng musika
inspirasyon ng mulat na masa
matingkad na tintang pula

hindi ako nawawala
nakakubli lamang sa bawat isa.

**Tampalasan sa Talampas**
ni Francisco Arias Monteseña

May itinuturo ang talampas,
may isinisigaw ang burol.
Sila! Sila! Sila!

Marahil mahirap pangalanan ang salarin
kahit pa bunyag ang mga mga tanda.
Dahil naiiwang pipi ang pagkabahala,
naititikom ng poot ang takot.
Kaya madalas, nabubundat sa pagmamayabang
ang sinumang inaalipin ng bala,
at inaakala nilang sa baril kailangang sumamba;
na may kapangyarihang itinuturo bawat punglo,
na may kailangang tamaan ang bawat pag-asinta.
At dito, walang kinikilala ang gatilyo.
Malinaw na ang sinasanto nila'y demonyo.

May itinuturo ang mukha ng talampas,
sa bahaging ito nakabaon ang lahat;
na sumisingaw ang lansa ng pagkitil,
ang amoy ng pagpaslang.
May isinisigaw ang talampas,
na *sila at sila* ang maysala,
na sila ang tampalasang
hindi nakakikilala sa baybay
ng salitang *buhay*.

**Burol sa Burol**
ni Francisco Arias Monteseña

Hindi ito ang imbakan ng buto,
O ang lagakan ng laman.

Hindi dito ang lugar ng kabayanihan
O ang lugar ng paglisan.

Ngunit bakit, nabungkal ang lupa
Ng panangis ng kapwa.

Anong hindik ang katalik ng lagim?
Anong dangal ang hindi natabunan ng gimbal?

Kung kikibot ang labi ng mga labi,
May pagpapatawad kayang sisibol?

At kung makakatitig ang mga matang
Sinukuban ng takot, kanino pupukol ang tingin?

Tunay, hindi man silang lahat maaaring ibangon,
makikitaghoy naman tayo para sa hinahanap

na pagdinig, sa panangis, sa usal, sa mga dasal.
Sisindihan natin ang kandila hindi lamang

sa apat na sulok ng burol kung hindi
ang mga kandila ng ating pakikiramay.

Sa mga naiwan, hindi sapat na kayo'y mabanyusan
ng aming munting pakikiawa, dahil batid namin

na hindi awa ang kailangan ng lahat,
hindi simpleng pakikiramay,

hindi simpleng pagsilip lamang sa mga bangkay,
hindi pagsusuot ng itim, hindi paglalagay ng sisiw,

O pagbasag ng palayok, hinding-hindi ninyo
matatanggap ang kasimplehan ng aming pakikiramay.

Dahil mas tanggap ninyong bumisita
ang nakapiring mang katarungan.

**Duguang Lupa**
ni Patrick Orquia

Dinilig na naman ang
Duguang lupa
Ng Luha
Mula sa mga aping
Nagluluksa
Nagdurusa
Mga ama, ina, anak
Na nilisan nang hindi napapanahon
Ng kanilang mga minamahal
Na walang-awang kinitilan ng buhay

Ang lupang dati'y pinagyaman
Ng kanilang mga ninuno
Ngayo'y nakatabon na sa mga taong
Ama, ina, anak
Ng mga aping ngayo'y
Nagluluksa
Nagdurusa
Mas masahol pa
Sa kamatayan ang
Nadarama

Silang mga
Walang kahilingang
Anumang kaguluhan o dahas
Sila pa itong
Nakaranas ng hirap
Sa kamay ng mga
Demonyong walang awa
Imbes na pakikipagkapwa-tao
At pang-unawa ang ibigay
Ay bala at hukay ang isinalubong
Sa kanilang mga
Inosente't walang muwang

Silang mga inosenteng
Nagdilig ng dugo
Sa lupang pinagyaman
Ng kanilang mga ninuno
Na kalauna'y dinilig naman
Ng mga luha
Ng kanilang mga mahal sa buhay
Na hindi na sila masisilayan pa

Nawa'y sa duguang lupang ito
Sumibol rin ang katarungang
Magwawaksi sa karimlang matagal nang
Bumalot at
Gumapos
Sa mga taong matagal nang api
Mawaksi nawa ang
Paghahari
Ng mga iilang may kapangyarihang
Naatasan sanang
Maglingkod sa bayan
At ialay ang sarili para sa mga mamamayan
Ngunit sa katotohana'y sila pa itong
Mga nangunguna
Sa pagpaparaos
Sa paghihirap ng iba

Nawa'y sa duguang lupang ito
Umusbong ang pag-asa
Na sa madaling panaho'y
Bumalik rin ang ligaya
Sa puso ng mga
Ama, ina, anak
Na naiwan
Ng mga bayaning
Hindi dapat kalimutan.

## **Close Your Eyes, Andal**

by Ayesha Osop

media men,
women,
travelling by land,
dust,
wind,
offroads,
blocked,
men,
armed,
gunfire
fear,
gunfire
shiver,
blasts,
cry,
gunfire,
scream,
run,
gunfire,
pain,
blood,
bullet,
deep..

black.

**Iba't Ibang Putahe, Sari-saring Karne***
ni Wilmor L. Pacay III

Hindi mo ininda ang mga bala
at inilabas mo pa rin ang iyong kamera
kuha rito
kuha roon

paliyad-liyad
pabaling-baling

narinig mo'y daing
pagmamakaawa ang hiling

at sila –
silang mga biktima
nilantakan ng mga demonyo
pinagpasasaan
tila karneng nilasap-pinagsawaan

palibut-libot
paikut-ikot

ready...

3...
2...
1...
say cheese!

at inilako kinabukasan
ang kulay-dugong pahayagan

**Alay sa mga biktima ng pampolitikang pandarahas, tuon sa Ampatuan massacre.*

## **Sa Pagsikat ng Araw**

*(alay sa mga kapatiran kong mamamahayag)*
ni Jujj Padin

Nagising ako ngayong gabi sa lakas ng kabog ng aking puso
Sa lakas ng mga nagkukumahog na boses mula sa alaala ng Maguindanao
At sa katahimikan na likha ng aking dalamhati

Bukod sa sumasayaw na sinag galing sa maliit na singaw ng pintuan,
sinag na magalaw at ‘di panatag, patay lahat ng ilaw.
Tanging papel at lapis lamang ang tangan kong liwanag.

Kuyom ang panulat, umawit ako ng ilang letra
Mga letrang nabubuo mula sa nawasak kong sonata
Mga letrang tila unti-unting nagtitirik ng nagniningas na kandila

Kahit na ang panulat ko’y tila walang nababatid, pinilit kong h’wag suminghal
Kahit maingay ang mga gamu-gamo at naliligaw ang mga alitaptap
Kahit kasiguraduhan sa isang mapayapang gabi’y di ko man lamang
malanghap

Kaunting titik pa, darating din ang hating gabi, ang pagbubukangliwayway,
ang ginhawa
Kahit anong lamig, kahit anong pag-iisa
Lulubog rin ang buwan at dudungaw ang pag-asa

Hawak ko ang bubulabog sa pagkakahimbing ng mahabang gabing ito
Magtatayo sa ginupo, yayakap sa naulila
Tinirik na kandila nito’y magniningning, bulag ay makakakita

Mula sa isang masamang panaginip ng pangungulila
Lalaya rin, maglalayag, magiging maligaya
Patungo sa inaasam na init ng halik ng isang bagong umaga.

**masaker**
ni piping walang kamay

nakakabobo ang mga nagaganap
iyong bang pakiramdam mo nalilito
na di mo mawari kung paano
kikilos at magsasalita ng wasto

nakakagalit.
nakakapagpuyos sa galit.

tatakbo sila sa eleksyon
tapos bubuo ng mga platoon
ng mga bayarang berdugo

iba iba
may mga pulis
may mga militar
may mga sibilyang inarmasan

tapos palalakasin lalo
hahawak ng pwesto sa gobyerno
mas lalong matatag at sigurado ang kanilang panalo

ganito
ganito sila nagpupundar
kapag malapit na ang pagboto

unti unti nilang binubuo ang takot
sa dibdib ng mga mamamayan

sasampolan ng isa
o dalawa

kinabukasan tatakpan ng dyaryo
ang mga kritikal ang lagay
dahil lumalaban sa gobyerno

pero ang nakakagalit
at talaga namang nakakapagpuyos sa galit
itong kamakailan
sukdulan at masahol pa sa mabangis na hayop
noong ang humigit kumulang
limampu't pitong tao
bangkay na ng marekober
at mas kilala na ngayon sa bansag na:
"Maguidanao Masaker"

ang layon lamang magpasa ng kandidatura
pero ang kinahangtungan ay trahedya
dinala sila sa ilalim ng lupa
pinaslang na parang hayop
ang kaanak ng makakalaban sa kandidatura
nakasama ang mga mamamahayag
at nadamay ang mga inosenteng sibilyan

karumal dumal

at lahat ng ito
dahil sa nalalapit na eleksyon

at lahat ng ito
dahil sa pagkaganid sa posisyon

at lahat ng ito
dahil sa kasalukuyang gobyerno

at lahat ng ito
dahil sa kapabayaan ng pulisya at militar

at ang salarin
tuta ng isang kriminal din

si gloria “makapal ang mukha” arroyo.

tuta ng kano
sinungaling
ganid sa yaman
mamamatay tao

masaker

ito ang estado ni gloria “makapal ang mukha” arroyo
ito ang mukha ng kanyang ninakaw na gobyerno!




*Photo by Sinta Isaac*

**batas militar ang hustisya para sa kanila**
ni piping walang kamay

ano nga ba ang iyong mukha?
noong makita mo ang kanilang mga bangkay
na animo mga nadamay na biktima ng isang digmaan
doon sa iraq at afghanistan

nagitla??
galit?
awa?

ngayon ka magsalita.

sa tingin mo kailangan nila
ang ampaw mong mga kataga
na nagpapaabot ng awa?

sa tingin mo ba kailangan nila
ang bahaw mong pagluluksa
sa labi ng kanilang pagka api't pagkadusta?

karumal dumal ang sa kanila'y ginawa
subalit hindi nila kailangan ang ampaw na awa
lalong hindi nila kailangan ng mapag imbot na pagluluksa

kailangan nila ang militanteng pagkuha
doon sa katarungang dapat nilang mapala
at hindi
hindi ang hustisyang ipinagmamakaawa

hindi ang pag-asang ito'y mahuhulog na lamang ng kusa

dahil di kailanman makakamit sa paghihintay o paghiling
ang katarungang nararapat lamang ay sa mga biktima kumiling
lalo na't ang mga mismong mga salarin
ay nandoon sa palasyong kanilang sinalaula na din

sagad-sagarin talaga sa pagkakriminal
ang mga punyetang nandoon sa malakanyang
at sampu ng mga alaga nitong tuta
sapagkat ang kanilang tugon sa panawagang katarungan
magbaba ng isang batas militar
na maghahawan ng daan
upang mas palabuin ang hinahanap nating katarungan

batas militar ang kanilang hustisya
para sa mga pinaslang na sila mismo ang may sala

batas militar!

ngayon ka magsalita
at sabihin mong ito ang tama

ang maupo
o tumayo
at maghintay

habang pinapalinis mo ang mga kuko
sa iyong mga paa't kamay

habang sinisipsip mo ang isang baso ng kape
mula sa starbucks

habang hinihintay mo ang sukli
sa binili mong havaianas at pabangong gucci

habang hinihintay mo manalo kayo sa DOTA
ng iyong mga katropa

kahit ang inaasahan ay ang pagkilos mong tumatalima
sa panawagang paglahok

sa sambayanang nakikidigma para sa panlipunang paglaya!

**ang mga salarin**
ni piping walang kamay

sino'ng makakalimot sa masaker sa mendiola?
o sa kalunus-lunos ding sinapit ng mga magsasaka sa hacienda luisita?

ngayon naman ang nakakagimbal
ang krimen sa MAGUINDANAO: karumal-dumal!

silang nagdisenyo ng maraming krimen
silang may likha ng ngayon ay kilalang MAGUINDANAO masaker

ngunit hindi lamang naman iyan
marami pang katulad silang ginawa
magbalik ka lamang sa nakaraan
tiyak mayroon kang makikita

at
ang mga biktima nila
hindi na halos mabilang
nalimot na ang karamihan
hanggang ngayon
wala pa ding katarungan

ang mga biktima

at

maaaring ang isa ay ikaw

susunod na

sa masaker na ang arkitekto'y mga halimaw
nandoon at naglalagi sa magagarang mansyon
nakahimpil sa malakanyang, sa maraming munisipyo,
kapitolyo at mga kampo ng mga pulis at militar
nakaupo sa mga silid na de air-con
humahawak ng matataas na posisyon

maaaring ang sumunod na biktima ay ikaw
kung wala kang gagawin sa hustisyang isinisigaw

ng limapu't pito
at ng iba pang naging biktima't malamig na bangkay
dahil sa estadong sa mamamayan ay pumapatay

**ang mga namatay**
ni piping walang kamay

ama asawa simpleng motorista
balikbayan kapatid ina
tiya magsasaka babae
lalake matanda bata
lola tiyo drayber manggagawa
lolo binata dalaga katiwala
estudyante manedyer cameraman
ate kapitbahay kasintahan
editor abugado
empleyado ng gobyerno pulitiko
manunulat litratista mamamahayag

nasama kahit walang kinalaman
naging laman ng pahayagan ang kanilang pangalan
nadamay
ordinaryong mamamayan

layon ay mabuhay
nang mapayapa
nang matiwasay
ngunit ang sumalubong ay batalyon ng mga demonyo
akala mo nasa digmaan ang mga tarantado
at hinarang silang ang mga katawan ay tila inararo
matapos gamitan ng mga baril at tinadtad ng husto

maaaring ikaw ang maging biktima

kahit sino ka pa:
mangingisda tsuper kunduktor
doktor inhinyero guro
tindera rebelde sanggol
pulubi namumulot ng basura
puta tulak adik mandurukot

hindi ka ligtas
sa muling pag-atake nila
at mauulit pa ang ganoong eksena
isang makabago at higit na karumal-dumal

MASAKER na hihigitan ang ginawa ng mga AMPATUAN
maaaring makasama ka

kapag di ka nakiisa sa sambayanang naghahanap ng hustisya
at mahinto ang ganitong sistema

## Isang Saksi: Paglalahad mula sa Ilalim ng Lupa

ni M. J. Rafal

*Malagim na muog ng dusa:*
*sa pusong marupok,*
*isang libingan na;*
*hindi makapasok,*
*ang sinag at walang umaga.*
*-- Lupa, Amado V. Hernandez*

nais kong ilahad
ang mga pangyayari
aywan kung ito'y may tibay pa
'pagkat ako ngayo'y agnas na
ngunit, hayaan mo akong magkuwento
mula rito sa ilalim ng lupang mabato

naalaala ko
iyo'y isang mahabang prusisyon
ng mga sibilyan, ng mga mamamahayag
ng isang nilalang na sasagupa
sa Halimaw ng Maguindanao;
may kaba ang ilan, sapagkat mayroon nang banta
ngunit nangingibabaw
ang layuning sugpuin
ang imperyo ng naghahari...

habang tahak ang daan,
isang batalyon ang humarang:
may pulis, may sundalo
at demonyo...

nilamon kami ng lupa
matapos ang walang habag
na paggutay sa aming mga katawan...

nakita ko, marahas at malupit--
    ang pangitaing iyon:
mga babaing tinutukan ng baril,
pinaluhod, sinampal, tinadyakan...
may nagmamakaawa sa malayo
may mga panaghoy, nagsusumamo
sa buhay na nilagot ng demonyong halakhak
nakita ko, ang mala-latang pagyupi
sa mga sasakyan nang isang *backhoe*
narinig ko, may mga sigaw ng "Saklolo!"
na sinabayan ng lagutok ng buto
naamoy ko, ang lansa ng dugo
na humalo sa buhangin, sa hangin
narinig ko, ang palakpalan ng mga baril
ang mga iyak ng pagtutol
nakita ko, ang pagpula ng lupa
nakita ko, ang mga matang pinanawan ng malay
nakita ko, ang sungay, ngiti ng halimaw...

saksi akong nahihimbing sa hukay
at nagnanasa sa hustisyang mailap...

tulungan mo kami...

**Hayaan Mo**
ni M. J. Rafal

hindi sapat ang kamatayan
upang tubusin ang kasalanan
na ibinandila mo
sa madla ,
sa sanlibutan.

ikaw, Ampatuan
ay imahe ng agnas
                    na katotohanan,
                    na ang kapangyarihang tinatamasa'y
mitsa sa pag-angkin ng buhay.

ikaw na isinilang sa impiyerno,
          na walang kaluluwa at puso,
ay walang karapatan sa mundong ito.

kaya kang patayin
          nang mga sigaw,
          nang mga ngitngit, at poot…
kaya kang sunugin
          nang mapapait na luha…

kung may konsensiya ka mang matatawag,
hayaan mong multuhin ka ng nakaraan.
at kung sakaling walang magkamaling sayo'y
                              humatol…

hayaan mong kami, Ampatuan,
ang magtakda nang hustisya!

**Ikaw na Demonyo sa Aming Paningin**
ni M. J. Rafal

Ikaw! Ikaw na demonyo sa aming paninigin.
—————— Halimaw. Aswang. ——————
*Mali! walang salitang makatutumbas*
*sa iyong karumal-dumal na ritwal!*
Hindi ka mapapanatag.
Ang mga luha, hagulgol na iyong nilikha,
ang brutal na kasaysayang iyong ibinandila sa madla,
ang mga nagngingitngit, nagngangalit, sumusumpa
sa masaker na iyong ikinasisiya.
Hindi ka nila patutulugin!
Hindi ka nila patatawarin!
Hindi ka nila bubuhayin!
At ang *limampu't pitong kaluluwa*,
na walang-awa mong inagawan ng umaga,
ay naglalagi ngayon sa iyong malamig na selda…
Hindi ka nila iiwan! Habambuhay!

—Alay sa mga utak at galamay na nasa likod ng Ampatuan Massacre

## Ang Inyong Balita, ang Aming Balita
ni Aris Remollino

*alay kay Atty. Connie Brizuela*

Madalas naitatampok sa balita
Ang batas militar sa Maguindanao;
Ang pagkakahuli sa mga maysala;
Ang bilang ng mga naglaho't pinaslang.

Kailan lang din ay naitampok sa pahayagan
Ang mga umagos na luha at nakalas na mga timpi;
Ang mga lumikas sa isang linggong delubyo;
Ang paghahari ng pagkabalisa at pag-aalinlangan.

Ngunit hanggang sa ngayon
Wala pa ring mukha ang animnapu't apat.
Tila sila'y nananatiling malaguniguni--
Mga tintang unti-unting kumukupas
Sa mukha ng mga naninilaw na pahayagan.

Bakit nga ba hindi man lang nailalathala
Ang naging buhay ng animnapu't apat?
Bakit walang larawan ang kanilang mga ngiti?
Bakit hindi iparinig sa amin ang kanilang mga halakhak?
Bakit hindi namin namalas ang kanilang pagluha?

Bakit nga ba hindi man lang naitatala
Ang kanilang pakikipaglaban para maihandog ang katotohanan
Sa isang sambayanang paulit-ulit nang pinagsinungalingan
Ng isang gawa-gawa at may sa-demonyong kasaysayan?

Isang buwan na ang lumipas...

Mahigit tatlumpung araw na.

Sana ay dumating na
Ang taong magdadala
Ng aming balita,
Hindi lamang ng inyong balita.

Maging isang bangka sana ang pangyayaring ito
Na magtatawid sa kanya
Mula sa rumaragasang alon
Ng kultura ng pagiging bayaran
At kawalan ng saysay.

**Maguindanao**
ni Alexander Martin Remollino

Your people's will is a mangled corpse.
Its parts are scattered across your fields and streets,
its blood splattered across your fields and streets –
feasted upon by creatures
with insatiable greed for power
and thirst for blood.

What creatures these,
that gorge themselves with the corpse and blood
of your people's will?
To say they are monsters
is an understatement.

**Dugo ng Pluma**
ni Rey Tamayo Jr.

Minsan ako'y sinuntok,
Panulat ko'y tinakot.
Nang ako ay sumagot,
Ang baril ay pumutok.

**At Kung Sakaling Bangkay Akong Haharap Sa 'Yo!**
ni Rey Tamayo Jr.

Bawat letra at titik inihahandog sa 'yo,
Upang iyong mabatid ang mga punglo't bangkay;
Na nagdusa ng pait kapalit ang prinsipyo.
Kalauna'y pinatid; maninitik hinimlay—
Sa puntod ng tigatig bayani silang tunay,
Sa lapida'y may ukit alaalang totoo.

Inidolo ang akdang mabangis na totoo,
Tarikan na salita ay laan para sa'yo.
Mailigtas ang madla at maralitang tunay;
Laban sa lason, sumpa at kamandag ng bangkay.
Nitong mga banyagang hangad silang ihimlay,
Dahil kan'lang giniba ang bulaang prinsipyo.

Dugo ba ang katumbas nitong aming prinsipyo?
Hangad lamang ilabas ang balitang totoo,
Bulag na ba ang batas at waring nakahimlay?
Ang pluma'y inuutas na dahil lamang sa'yo–
At kami'y dinadahas. binibilang ang bangkay,
Mula sa mga ahas maninikil na tunay.

Bakas nila'y sinundan waring aninong tunay,
Kahapon lamang tambal matatag na prinsipyo;
Ngayo'y may alingawngaw mga banta ng bangkay.
At nang ako'y sumigaw sumulat ng totoo,
Karaka'y binusalan ang panulat ko sa'yo;
Tinta't pluma'y binuwal ang diwa'y nakahimlay.

At ngayo'y binilanggo sa karsel inihimlay,
Sinugatan ang pusong may tanikalang tunay.
O yaring pagkahapo'y dili ba't galing sa'yo?
Ibig ipagkanolo ang doktrina't prinsipyo,
Pero nasa kamao ang dangal ng tooo;
Upang ang pagkatao'y di maging isang bangkay.

Sa kabilang piitan minasdan itong bangkay,
Sa dakong may guwang muling may ihihimlay;
Hindi lang walo, siyam ang nasawing tooo.
Di ko na rin mabilang ang trinaydor na tunay,
Unti-unting tinanggal pagkatao't prinsipyo;
Ngunit di mapapaslang pagtitiwala sa 'yo.

At kung sakaling bangkay akong haharap sa 'yo—
H'wag mo sanang ihimlay adhikaing totoo,
Maninitik na tunay may akdang maprinsipyo.

**Balikbayan Box**
ni Amos Tarana

Paano pa kaya itutungtong sa lupa
Itong sapatos na bago't napakarangya?
Kung lupang pagaapakan o lalakaran
Ay isa nang napakalawak na sisidlan –
Imbakan ng mga journalist at sibilyan.

Kanino pa kaya isusuot ang damit
Na sadyang hinalukay sa magarang boutique?
Kung katawan na sana ay pagdadamitan
Ay binalutan na ng kasuotang punit –
Makintab na barong at itim na pantalon.

Sino pa kaya ang susubok na titikim
Nitong Honey Toblerone Dark na mamahalin?
Kung ang minamahal na sana ay kakain
Ay kalas na ang ipin, ngalangala't panga –
Sumabog dahil sa ipinakaing bala.

Ano pa kaya ang maaring maging silbi
Nitong pinag-ipunang Hi-tech Karaoke?
Kung ang dating awitan ni Nonoy at Nene
Ay napalitan na ng luha't dalamhati –
Hiyaw na nananawagan ng katarungan!

Kailan pa kaya mabibigyan ng wakas
Pagpapahirap sa lupang sabi'y malaya?
Kung ito'y nananatili sa mga pangil
Ng mga mamamatay tao at suwail –
Mga pinunong iniluklok ng tatlong G.

*Al Satwa, Dubai, UAE*
*19 Disyembre 2009*

**Digital Busina ng Karagkarag**
ni Abet Umil

**Umalingawngaw** na ang rebolusyon ng makinarya ng buong sistema ng katarungan.

Umikot na ang gulong!

Umusad na ang kaso laban sa mga sinakdal na magkakaangkan – ang mga Ampatuan – kaugnay ng Masaker Nobyembre 23 sa Maguindanao. 'Yan ang sitwasyon ng tampok ngayong Department of Justice kung maihahambing bilang isang sasakyan. Grabe ang ingay ha. Kung mamasdang mabuti e, naku po, napakaitim ng usok ng arangkada.

Nagningning ang world-"class" na bisyo ng mga arestadong sangkot. Biniktima ng karumaldumal na kapangyarihan nila ang 57 inosenteng buhay. Sabi nga e, wala sa kalingkingan ang gera sa Iraq. Ayun, tunay na world class talaga ang mga kinatawan ng mga mamamamahayag at iba pang nagmamatyag. Naitulak ang DOJ kaya umandar. Naideliber sa wakas ang mga ebidensya at nasasakdal sa Timbangan ng Aleng Nakapiring sa harap ng antigong bilding.

Nauna rito, nirapol ang pagdinig sa panimulang imbestigasyon. Pumatak sa de-kampanilyang sala ni Judge Luisito Cortez, RTC, QC. Pero tumangging hawakan ang kaso. Kesyo delikado raw sa siguridad ng pamilya at mga istap niya. Walang kesyokesyo at taas-noong sigurista. Kantyaw tuloy ang inabot niya, "walang yagbols!" Mapagkumbaba namang tinanggap ni Judge Jocelyn Solis-Reyes, RTC, QC at wala ring yagbols.

Nadunggol ng lente ng kamera sa mukha si Datu Unsay Meyor Andal Ampatuan Jr.. Nangyari ang insidente ala-1:30 n. h., Disyembre 18, 2009 habang itinatawid siya sa pagitan ng mga bilding ng DOJ at National Bureau of Investigation. Hindi raw sadya na parang bulkang Mayon ang galit ng isang photojournalist. Kahit mahigit 300 tauhan ng Philippine National Police at NBI ang alalay sa suspek, ayun nakalusot ang dunggol. Putok ang kanang kilay ng kawawang Dayunyor.

Hindi isyu kung may yagbols o wala ang dumidinig sa kaso laban sa partikular na magkaanak na Ampatuan. Nasa magkabilang hanay lang ng mga upuan sa iisang bus sina Judge Solis-Reyes at Cortez. Iwan sa garahe ang kasarian kung babae, lalaki, tibo o bading man ang isang alagad ng katarungan kapag may tinitimbang na kaso. Walang tatak ng kasarian ang tapang. Walang tatak ng kasarian ang dangal. Ang iginigiit ng mga katangiang ito ay ang pagpapakatao.

Hindi isyu kung Muslim, o Kristyano ang relihiyon ng mga mangangandidato. Nasa magkabilang hanay lang ng mga simbahan ng iisang Diyos ang mga Ampatuan, Mangudadatu, 30 mamamahayag at damay na mga sibilyan. Iwan sa altar ng dasal ang partido ng mga pulitiko at botante kapag nagsusulat sa balota. Hindi namamarkahan ng indelible ink ang kaluluwa at karapatan ng mamamayan. Ang iginigiit ng mga aspetong ito ay ang pagpapakatao.

Ang pagpapakatao ay naitatampok ng mga katangian na hindi pumipili ng kasarian. Naitatanghal ito ng aspetong higit pa sa uri ng relihiyon at kulay ng pulitika.

Tapat sa propesyon si Atty. Sigfrid Fortun sa pag-aabugado sa angkan ng Ampatuan. Hindi nakakaawa ang suspek sa masaker nang dumugin siya. Hindi nakakaasar ang mga mamamahayag na myembro ng National Union of Journalists of the Philippines at National Press Club na dumumog sa kanya. Ang pinaggagalingan ng peligro ay ang karagkarag na sistemang pangkatarungan pati ang bulagsak na mga nakapwesto.

At businang pinantulig nila ang digital na, “hello Garci!”

mula sa [http://abetumil.wordpress.com/2009/12/21/digital-na-busina-ng-karagkarag/](http://abetumil.wordpress.com/2009/12/21/digital-na-busina-ng-karagkarag/)

**Unsaon Pagkaon sa Impyerno?**
ni Cindy Velasquez

Sukara ang kahadlok sa init nga kaha
Aron imong isula sa dukot nga panggoberno

Ibutang sa imong plato samtang
Naay mga yawa sa imong atubangan

Kinamota ug usapa hangtod
mabusog ka uban sa mga bala

Hay…dili na uso ang tinidor ug
Kutsara, mao na, kaon na lang diha.

Kon ikaw mapul-an sa imong sud-an,
Uy, ang kahadlok pwede baya silian

Ania pa man sad ang hilaw nga paglaom
Ug isawsaw lang sa bahaw nga kalinaw

Ug kon ikaw mapaso, intawn
Ayaw kalimot og pag-ampo

# Remain Vigilant in Fighting for Genuine Democracy! Justice for the Victims of the Ampatuan Massacre!

On this day, the birth of Andres Bonifacio who had lead a revolution that defended our country's freedom, democracy and sovereignty, the Concerned Artists of the Philippines (CAP) invokes the hero's unwavering strength and conviction, as we strongly condemn the massacre of 57 people in Ampatuan, Maguindanao last November 23, 2009. With all our hearts, we grieve with the families and friends of the victims and especially of the slain journalists, 34 heroes who, until the end, upheld and defended our freedom of speech and expression. With all our anger, we hold the US puppet Arroyo regime responsible for the coddling of terrorist politicians and lambasting the democracy.

With the kind of fascism that Gloria Macapagal-Arroyo's regime upholds, political repression and state perpetrated violence had become policies for maintaining a moribund system that promote the most brutal acts of human rights violations. She had repeatedly disregarded our nations safety and sovereignty by kowtowing to

US imperialist “war on terror” by augmenting to the already worse state of militarization in the country, through the Visiting Forces Agreement. Along with Oplan Bantay Laya 2, this regime continually wreaks fear amongst its people by harassing, abducting, and killing journalists, activists and other voices of dissent. The Philippines is now the most dangerous country for journalists, next to Iraq. The Ampatuan Massacre does not swerve from this regimes rule of violence. Clearly, Gloria Macapagal-Arroyo didn’t only permit warlordism to thrive in the countryside – to be specific, almost a battalion-large private army which excludes the clan’s use of the AFP and PNP paramilitary units like Civilian Armed Forces Geographical Units (CAFGU) and Civilian Volunteer Organization (CVO) – she is also bent on protecting these warlords – her allies.


As freedom of speech and expression stands as the gauge of a genuine democracy, so too has the US-Arroyo administration claims as “defenders of freedom and democracy” and “anti-terrorists” stands as the gauge to their continuing repression and attack on democracy itself.

With the 2010 elections looming in the horizon, violence is certainly to escalate. Its grim face is already branded on the gates of democracy. But we must face it militancy and a commitment to changing our society for the better. Those who would sacrifice their freedom for their safety will find they inherit neither. Let not the lives of those who have sacrificed their safety for our freedom be in vain.

The Concerned Artists of the Philippines calls on all artists, journalists and all the people to join in our continuing struggle for genuine democracy.

END IMPUNITY! JUSTICE FOR THE VICTIMS OF THE AMPATUAN MASSACRE!
STOP WARLORDISM! DISARM PRIVATE ARMIES!
STOP STATE REPRESSION AND POLITICAL KILLINGS!
OUST GMA!
FIGHT FOR GENUINE DEMOCRACY!

CONCERNED ARTISTS OF THE PHILIPPINES
November 30, 2009




Gloria Teodoro holding the Press ID of her husband Andy Teodoro, Bureau Chief of Central Mindanao Inquirer. Murdered on November 23, 2009.

# Ang mga Nag-ambag

Si *Arbeen Acuña* ay nasa staff ng UPLB Perspective at kasapi ng Kar-Ma (Kartunista at Manunulat) Kolektib.

Ipinanganak at lumaki si *John Marc C. Acut*, 22, sa Cagayan de Oro City, ngunit kasalukuyang naninirahan sa Butuan City. Naging fellow siya ng unang Xavier University Creative Writing Workshop, gayundin ng ikawalong IYAS Creative Writing Workshop ng University of St. La Salle. Dati siyang editor ng Xavier University-Ateneo de Cagayan Literary Circle, ang bumuo ng Bituon, ang naging opisyal na folio ng Xavier University sa taong 2008 kung saan isinama ang mga gawa ng ilang prominenteng manunulat ng Northern Mindanao. Dati siyang secretary-general ng College Editors Guild of the Philippines-Cagayan de Oro City at Misamis Oriental.

Kasapi ng Tag-Ani Performing Arts Society si *Maryjane Alejo*.

Ang *Kislap Alitaptap* ay tunay na pangalan – hindi nom de guerre, o nom de plume – ng isang kasapi ng Concerned Artists of the Philippines.

Si *Louise Vincent B. Amante* ay mag-aaral ng MA Araling Pilipino (Panitikan at Pelikula) sa Kolehiyo ng Arte at Literatura sa UP Diliman. Nag-ambag siya ng ilang tula't artikulo sa Pinoy Weekly at Bulatlat.com. Lecturer siya ng Filipino sa Don Bosco Technical College at Rizal Technological University sa Mandaluyong City. Nakatira siya sa Binangonan, Rizal.

Kalahating Ilukano at kalahating Bisaya si *Angelo Ancheta*, na nag-aral sa Manila Science High School at Unibersidad ng Pilipinas.

Si *Mark Angeles* ay dating vice president for Luzon ng College Editors Guild of the Philippines. Ilan sa kanyang mga tula ay lumabas na sa Sunday Inquirer Magazine, Philippine Graphic at Philippines Free Press.

Si *Maria Baleriz* ay hindi nakapagpasa ng kanyang bionote para sa seksiyong ito.

Dating patnugot ng pahinang pang-overseas Filipino worker (OFW) at internasyonal ng Pinoy Weekly si *Noel Sales Barcelona*. Naging public information officer din siya ng pambansang sentro ng mga kawani ng gobyerno, ang Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees o Courage. Premyadong makata at kuwentista, ginawaran siya Kagawaran ng Filipinolohiya ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) ng pagkilala bilang "Makatang Mag-aaral ng Taon" noong 2002. Noong taon ding iyon, nakamit niya ang Ikalawang Gantimpala sa Patimpalak Panulaan ng Pandayan ng mga Literaturang Pilipino, Inc. (Pandaylipi, Ink.), sa okasyon ng ika-25 anibesaryo nito. Isa siya sa pinalad na maging finalist sa Kabuwanan Poetry Competition nitong Abril, 2008; at noong Hulyo 29, binasa sa buong mundo, sa pamamagitan ng Internet, ang kanyang kuwentong nalathala sa Tinig.com, ang Bote, Dyaryo, Bakal. Dahil dito, ginawaran siya ng Certificate of Literary Achievement ng mga Pilipino-Australiyano sa Brisbane, Au. Propesyunal na tagapaturo ng pamahayagan (journalism) at panitikan, naging panauhin siyang tagapagsalita sa iba't ibang paaralan at kolehiyo rito sa Maynila at sa karatig lalawigan ng Rizal. Bukod sa Pinoy Weekly, nagsusulat din siya sa investigative news magazine na Bulatlat.com, PINAS (The Filipino's Global Newspaper) na may sirkulasyon sa 19 na bansa sa Asya, Europa at America Norte, Dateline Philippines, Philippines Graphic Newsweekly Magazine,CBCP News, The American Chronicle, at Philippine Times. Noong 2007, naging kolumnista nang ngayon ay sarado nang Punto!, isang tabloid sa Filipino.

*Trevor Batten* is a British pioneer computer artist/programmer notorious in some circles. After living many years in the Netherlands he is currently a "cultural refugee" living and working in the Philippines.

Si *Diana Galaura Cabote* ay kasalukuyang tinatapos ang kurso niyang Doctor of Fine Arts in Creative Writing sa DLSU Manila. Nagtuturo siya ng literatura sa UE-Caloocan. Aktibo siyang organisador sa hanay ng kabataan at mga guro.

Aktibong kasapi ng Tutok Karapatan si *Jef Carnay*. Bukod sa pagiging makata, visual artist din siya at musikero.

Si *Rustum Casia* ang tagapagtatag ng Kilometer 64 Poetry Collective. Hindi siya nanonood ng Wowowee.

*Maureen Gaddi dela Cruz* is a law student at the University of the Philippines. She is a member of the National Union of People's Lawyers.

*Kiri Lluch Dalena* is an artist and cultural worker. She currently lives and resides in Quezon City.

Si *Francis Murillo Emralino (Ang M. V.)* ay tisis-estudyante ng pisika sa Unibersidad ng Pilipinas-Los Baños. Tubong San Pablo de los Montes, ngayo'y ginugugol niya ang panahon sa Ba'i, sa paanan ng maalamat na bundok ng Maquiling habang nagtatangkang linangin ang kaniyang pagsusulat at pagguhit at pag-ibayuhin ang kaalaman sa pilosopikal-pagkilos na eksistensyalismo, kasaysayan, at matematika.

Si *Dennis Espada* ay isang manunulat mula sa Laguna.

Mang-aawit, kompositor at songwriter, marami nang binuo at pinamunuang grupo ng mga musikero si *Danny Fabella*. Sa kasalukuyan ay aktibo siya sa mga grupong People's Chorale at Sining Bulosan. Kasapi siya ng Migrante International.

Si *Rom Factolerin* ay animator, artist, writer ng short stories, ebooks and web content

namulat at kumilos bilang manggagawang pangkultura mula pa noong 1990. Nagsimula sa teatro sa palihan ni Ishmael Bernal, naging miyembro ng Sining MMR at Bugkos. Sa ngayon ay nagtatrabaho siya bilang freelance writer at artist. Tumitipa siya ng gitara at umiihip ng harmonica bilang libangan.

*Richard R. Gappi*, former president and now adviser/public relations officer of the Neo-Angono Artists Collective, former Officer-in-Charge of the Municipal Tourism, Culture and the Arts Office, and now the Information Officer of the Municipality of Angono, Rizal, earned his AB Philippine Studies degree (major in Political Science and History) from UP Diliman. A poet and journalist, Mr. Gappi is the former editor in chief of Manila East Watch (the weekly newspaper of the people of Rizal province). He was a fellow on poetry during the 1996 UP National Writers Workshop and won 3rd prize in the 1999 Poet of the Year contest sponsored by the National Language Commission. He has released his first book of poetry titled "Sala sa Saysay" published by the National Commission for Culture and the Arts. As poet, Gappi has seen his poems published in various campus literary folios nationwide and in online magazines and he has been consistent lecturer and speaker in various literary and journalism congress and workshops held in various parts of the country.

Guro ng Filipino sa Colegio San Agustin-Makati si *Jonathan Vergara Geronimo*.

Inaasam ni *John Carlo S. Gloria* na maging manunulat at edukador sa nalalapit na hinaharap.

Si *Lolito Go* ay taga-Olongapo City, kung saan dati siyang tagapangulo ng Sangguniang Kabataan.

Estudyante sa UPLB si *Roge Gonzales*. Siya ang regional chairperson ng College Editors Guild of the Philippines sa Southern Tagalog.

Si *Severino Hermoso* ay hindi nakapagpasa ng kanyang bionote para sa seksiyong ito.

Ganito inilalarawa ni *Sinta Isaac* ang kanyang sarili: "Ako ay isang lumang communication arts student ng University of the East Caloocan. Simpleng babae na may komplikadong byuti. Mahilig magsulat tungkol sa dapithapon at ulan. Mahilig makipag-mental masturbation sa aking sarili at naghahanap ng isang hindi malilimutang orgasmo sa loob ng aking kaluluwa. Hilig ko ang kumuha ng larawan kaya naman ang trabaho ko'y isang simpleng kawani ng gobyerno sa Mandaluyong."

Mahilig sa Facebook at Multiply si *Pia Montalban*. Mahilig sa mga tugtuging ska, reggae at Nirvana, pero hindi tumitira ng ganja, masyado daw kasing mahal, hanggang katol lang ang kaya niya ngayong dumadaan sa krisis pangekonomiya't panglipunan ang bansa.

Si *Francisco Arias Monteseña* ay ipinanganak sa Majayjay, Laguna. Siya ay isang accountant sa isang pribadong kumpanya sa Makati City. Sa ngayon, siya ay aktibong kasapi ng LIRA (Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo). Siya ay naging fellow sa $8^{th}$ UST National Writers' Workshop, $8^{th}$ Ateneo National Writers' Workshop at sa UP Likhaan Performance Poetry Workshop na itinaguyod ng British Council. Ang kanyang mga akda, kwento at tula ay nanalo na ng mga parangal. At nais makibahagi lagi sa mga daing ng bayan sa sariling paraan.

Si *Patrick Orquia* ay isinilang sa Quezon City noong 1984 at lumaki sa Bulacan. Nagtapos sa kursong BS Computer Science sa Unibersidad

ng Pilipinas sa Diliman. Miyembro ng Filipinowriter.com at mahilig siyang magsulat ng mga tula at maiikling kwento. Mahilig din siyang makinig sa mga lumang tugtugin, manood ng mga pelikulang may magandang kwento, at magbasa ng mga librong sinulat ni Bob Ong, Pol Medina Jr, Haruki Murakami, at Gabriel Garcia Marquez.

Nagtapos ng AB Literature sa Mindanao State Univesity si *Ayesha Osop*. Kasalukuyan siyang nagtatrabaho sa Sykes Enterprises.

Si *Wilmor L. Pacay III* ay kumukuha ng kursong BSE Filipino sa Pamantasang Normal ng Pilipinas (Philippine Normal University o PNU) na may specialization sa Campus Writing and Advising. Kasalukuyan rin siyang Literary Editor ng The Torch-PNU at AKLAS Literary Foilio.

Si *Jujj Padin* ay hindi nakapagpasa ng bionote para sa seksiyong ito.

Ang *piping walang kamay* ay nom de plume ng isang aktibistang madalas ding sumulat ng tula.

Si *M. J. Rafal* ay masugid na contributor sa Tinig.com. Isang education graduate mula sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, na sa kasalukuyan ay naghahanap ng trabaho. Mahilig siyang tumula at minsa'y nagsusulat ng maiikling kuwento.

Si *Alexander Martin Remollino* ang pangkalahatang kalihim ng Kilometer 64 Poetry Collective. Noong 2008, isa siya sa mga naging finalist ng "Katext Mo sa Katotohanan", isang pampanulaang patimpalak ng Filipinas Institute of Translation tungkol sa maanumalyang kontratang NBN-ZTE. Ilan sa kanyang mga tula ang naisama na sa pinamatnugutang mga koleksiyon, at marami pa ang lumabas

sa mga website at magasin. Makailan na rin siyang naanyayahang maging tagapagsalita sa mga palihan tungkol sa panulaan.

Bukod sa pagiging makata, isang ring freelance novelist si *Aris Remollino*. Kasalukuyan niyang pinagsisikapang tapusin na ang kanyang kauna-unahang nobela.

Si *Ayesha Sarapuddin* ay nasa staff ng UPLB Perspective at kasapi ng KarMa (Kartunista at Manunulat) Kolektib.

Si *Rey Tamayo Jr.* ay isinilang sa bayan ng Jaro, Leyte noong 1981. Siya'y naging Editorial Assistant ng diaryong Tambuli at Believer Magazine na lumalabas sa mga piling lugar sa Maynila at karatig lugar nito. Naging news writer / researcher din siya sa UNTV 37 (Pampanga). Sa South Eastern College niya sinubukang kumuha ng kursong Bachelor of Arts. Ang ilan sa kaniyang mga akda ay nailathala sa Liwayway, Bulatlat.com, Liyab, Tinig.com, Ani Journal (CCP) at Philippine Graphic. Siya ay miyembro ng Kamakatahan Poets, Km 64, Tungkab Writers' Club, Nayon Photographers Club, National Union of Journalist of the Philippines (NUJP), Unyon ng mga Manunulat sa Pilipinas (UMPIL), at naging fellow writer ng Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo (LIRA) Workshop sa U.P. Diliman noong 2006. Sa kasalukuyan , siya ay Editorial Assistant ng fortnightly tabloid (Magandang Balita newspaper).

Si *Amos Tarana* ay kumakayod at nag-aaral sa Dubai, UAE at kabahagi ng Migrante International-United Arab Emirates. Siya rin ay kabahagi ng filipinowriter.com at nagsusulat ng mga akda tungkol sa buhay na karanasan ng mga OFW sa Gitnang Silangan. Ang ilan sa kanyang mga akda ay makikita rin sa http://amostarana.blogspot.com.

Sa Eastern Samar ‘pinanganak si *Abet Umil*. Natutong gumapang sa Makati, natutong magsalita sa Quezon City, naggreyd 1 sa Western Samar, naghayskul sa Bulacan at Pasay, nagkolehiyo sa Malabon. Pero nag-aaral pa rin sa UB–Unibersidad ng Buhay, jokjok pero hindi Bolante. Nasa hayskul nang mahilig sa pagsusulat. Unang nakapag-workshop sa Rio Alma Poetry Clinic noong Marso 1988. Pero bumaklas bandang Oktubre 1988 nang mapasahan ng impormasyong kolaboreytor si Rio Alma sa mga proyekto ng diktadurya ni Ferdinand Marcos bago pa nag-snap election noong 1985. Saka nabarkada sa mga manunulat na nagreorganisa ng Galian sa Arte at Tula (post-Rio Alma) noong 1989. Muntik nang makapag-aral ng Malikhaing Pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikang Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas noong 1995. Pero hindi natuloy, nakitaan kasi ng ispat ang baga sa x-ray ng medical exam. Nang gumaling e, wala namang pangtwisyon.

*Cindy Velasquez* joined the Cornelio Faigao Workshop in 2008. A fellow in the 9th IYAS Creative Writing Workshop in 2009. She won the Jimmy Y. Balacuit Literary Award 1st Prize for poetry during the 16th National Iligan Writers Workshop. Currently, she teaches humanities and literature in the University of San Carlos in Cebu City.